# Kasama, Bundok, Puno, Bato: Bakas ng Kamalayang Ekolohikal sa mga Tulang Pambansa-Demokratiko ng Pilipinas

*"Comrade, Mountain, Tree, Rock: Traces of Ecological Consciousness in National Democratic Poetry in the Philippines"*

**JOSE MONFRED C. SY**
University of the Philippines Diliman
jcsy3@up.edu.ph

**Abstrak**

Ayon sa mga teorista ng rebolusyonaryong sining at panitikan ng Pilipinas, hindi magiging ganap ang pagsulong ng rebolusyong Pilipino kung hindi magkakaroon ng malawak na pagkamulat ang mamamayan. Habang marami na ang nagsalita tungkol sa panitikang pambansa-demokratiko, sa harap ng lumalalang krisis sa kalikasan sa ilalim ng labis-labis na produksiyon, mainam na balikan ang panitikan ng kilusang pambansa-demokratiko upang paunlarin ang akmang teorya at praktika sa pagharap sa hamon ng pandaigdigang pinsala sa ekosistema. Tulad ng gubat, ang teorya na gumagabay sa praktika ng PKP-BHB-PDPP ay nagbabago-bago batay sa materyal na kondisyon. Ibig mag-ambag ng pag-aaral na ito sa tunguhing pangkalikasan ng kilusan.

Layong pag-aralan ng sanaysay na ito ang mga tulang inilimbag sa *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989) bilang halimbawa ng panitikang pambansa-demokratiko na nagmumula sa sonang gerilya. Minumungkahi ng pag-aaral na ito na nagbubunsod ang mga piling tula sa *STR* ng puna sa dominanteng relasyon ng katauhan at kalikasan sa pamamagitan ng paglalahad ng mga karanasan ng mga pulang mandirigma sa kanayunan. Kung babasahin ang mga piniling tula sa balangkas ng materyalismong dayalektiko, makikita na ang paghulagpos ng mga makata tungo sa kabundukan at kagubatan ay isang proseso ng pagbabalik-loob sa ekosistema. Upang masilayan ang kamalayang ekolohikal ng pakikibakang ito, maaring unawain ang mga tula mula sa talong tema: Una, ang pag-angkop ng pulang mandirigma sa materyal na kondisyon ng tereyn; ikalawa, ang pagpupunyaging ihanay ang katauhan at kalikasan sa iisang dayalektikal na balangkas, o ang mismong natural na

daloy ng buhay; at ikatlo, ang pagyari sa isang bisyon ng sosyalismo na tumatalima sa pagbabalik-loob ng katauhan sa ekosistema.

**Mga susing salita:** *eko-Marxismo, ekokritisismo, pambansang demokrasya, Partido Komunista ng Pilipinas, rebolusyonaryong panitikan*

**Abstract**

According to theorists of revolutionary art and literature in the Philippines, the Philippine revolution cannot advance without comprehensive cultural transformation. While much have been said about national democratic literature, in the face of worsening environmental crisis under capitalist overproduction, we may return to national democratic literature to cultivate theory and praxis apt for the environmental program of the movement. Like the forest, the ideological framework of the Communist Party of the Philippines-New People's Army-Nadtional Democratic Front of the Philippines also change based on material conditions. This study hopes to contribute to the development of the movement's ecological thought.

This paper aims to examine poems from the anthology *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989) as samples from the national democratic literary tradition from the guerrilla zones. I suggest that selected poems from *STR* launches a critique against the dominant relations between humanity and nature by illustrating the experiences of red fighters in the countryside. If the poems are read from a dialectical materialist position, we begin to consider the ascension of the poets to the mountain and forests as an attempt to gain a sense of belonging in the ecosystem. In order to get a glimpse of this ecological consciousness, the poems can be understood within three themes: First, the adjustment of the red fighters to the material conditions of the terrain; second, the struggle to blur the divide between humanity and nature by asserting them as parts of the same dialectics of nature's metabolism; and third, the imagination of a socialist vision that espouses a refreshed human relation to the environment.

**Keywords:** *eko-Marxismo (eco-Marxism); ekokritisismo (ecocriticism); pambansang demokrasya (national democracy); Partido Komunista ng Pilipinas (Communist Party of the Philippines); rebolusyonaryong panitikan (revolutionary literature)*

Noong 2018 at 2019, hinarangan ng iba't ibang larangan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)—ang militar na sangay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)—ang proyekto ng mga korporasyon tulad ng Monte Rock Corporation sa Montalban, Rizal, Sta. Clara Power Corporation (SCPC) sa Naujan, Oriental Mindoro, at ATN Solar Energy Corporation sa Rodriguez, Rizal sa kahilingan diumano ng mga lokal na nagiging biktima ng malawakang pagkamkam ng lupa (Padilla w.p.; Gasic w.p.). Ipinangako rin ng BHB ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba (TO) laban sa pagtatayo ng Kaliwa Dam sa Rizal bilang pakikiisa sa mga tribu ng Dumagat at

Remontado na malilinsad sa kanilang lupain dahil sa proyekto. (de la Guerra w.p.). Inilalarawan ng masugid na pagpapatampok ng isyung pangkalikasan ang mga pulang mandirigma bilang mga tagapagtanggol ng kalikasan.

Hindi na bago ang tunguhing ito sa kasaysayan ng PKP-BHB-PDPP (Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas). Isa sa mga tunguhin ng kilusan ay "ang ipagtanggol ang kapaligiran at kalikasan laban sa mapangwasak na operasyon ng mga dambuhalang kompanya sa pagmimina na nagdidisloka at sumisira sa kabuhayan at kinabukasan ng kasalukuyan at susunod na mga henerasyong Pilipino" (de Guia w.p.). Nakapagsagawa ang Partido ng mga masusing pag-aaral at puna laban sa pandarambong ng ibang bansa at mga lokal na komprador sa kalikasan ng Pilipinas (CPP 6). Ayon sa kanilang komprehensibong ulat tungkol sa kalikasan ng mundo at ng Pilipinas, higit na sumilakbo ang pangangalbo ng mga kagubatan sa bansa noong ika-19 na siglo sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol upang mapaningas ang pag-aangkat ng troso sa mga industriyal na bansa (3). Malaki ang ambag ng mga dumaang digmaan, mas lalo na ang mga Digmaang Pandaigdig, sa patuloy na pagkawasak ng kalikasan sa mundo. Upang makabangon sa pinsala ng digmaan, mula pa noong 1960s, tinatambangan na ng mga Amerikano at Hapong monopolyo ang mga lupain sa kanayunan para magtayo ng mga minahan at plantasyon (4). Pinapabayaan din ng mga empresang ito na dumanak ang iba't ibang *industrial waste* sa kalupaan at katubigan (5-6). Ang pagkapinsala ng lupang agrikultural dahil sa mga minahan at pagkamkam ng lupa ay nagtutulak sa mga pesante at katutubo na umasa sa matatarik na lugar para sa agrikultura magpasahanggang ngayon (4). Sa kadahilanang ito, naglunsad ang PKP-BHB-PDPP ng mga kampanya tulad ng pagpapatigil sa pagtotroso sa teritoryo ng mga sonang gerilya upang mabawasan ang di-sustenableng paggapas ng mga lokal na yaman na maaaring magamit at maprotektahan ng mga komunidad (8). Naging malakas din ang kanilang panawagan kasama ng tribung Butbut ng Kalinga laban sa pagpapatayo ng Chico Dam sa ilalim ng diktadurang Marcos. Ayon sa PKP, kaakibat ang mga hakbang na ito sa tunguhing pangkalikasan na napapaloob sa Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan ng Partido (9).

Bagaman binigo ng mga nabanggit na kaso ang makakalikasang pangako ng sosyalismo, ayon na mismo sa balangkas ng materyalismong diyalektiko kung saan kinikilala ang pag-iral ng materyal na bagay ayon sa paglutas ng mga kontradiksiyon, patuloy na umuunlad at pinapaunlad ang

teorya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili sa antas ng organisasyon ng PKP-BHB-PDPP (Sison, "Mga Tungkulin" 126) at sa pagtitiyak ng pag-iral ng mga kondisyon sa ekonomiya, politika, at, partikular sa kaso ng pag-aaral na ito, kultura. Ani E. San Juan Jr.[b], ang panganib ng dogmatismo at sektaryanismo ay hindi mawawasto sa pamamagitan lamang ng mga administratibong atas mula sa itaas (118). Ang pagbabago ng kamalayan sa Maoistang diwa ay hindi dapat kipotin bilang sekundarya sa pagbabagong ipinapangako ng armadong pakikibaka (118-9). Ang base/superestruktura ay hindi magkatunggali kundi magkaakibat sa iisang diyalektiko ng pagbabagong panlipunan, kaya ang mga rebolusyon ay binubuo ng parehong intelektuwal/teoretikal at praktikal na pagkilos (Wallace 4). Wasto lamang na humalaw ng aral mula sa mga kamalian sa kasaysayan, ngunit kinakailangan din nating lumikha ng mga abanteng praktika na maaaring halawin mula sa mga klasikong sulatin tungkol sa pagbabagong panlipunan at maging sa mga nagdaan at kontemporaneong dokumento ng pag-iral ng rebolusyonaryong ideolohiya, tulad ng mga akdang pampanitikan.

Ibig mag-ambag ng pag-aaral na ito sa patuloy na pag-iral ng kaisipang ekolohikal sa balangkas ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na gumagabay sa PKP-BHB-PDPP sa pamamagitan ng paghalaw ng mga abanteng praktika mula sa pag-iisip at karanasang naisadokumento sa panulaan ng mga pulang mandirigma. Sa paghantong ng PKP sa ika-50 anibersaryo nito noong 2018, interesante at mahalagang pag-aralan ang pag-iral ng mga ideang humahaligi sa kilusang pambansa-demokratiko ng Pilipinas sapagkat ito na ang pinakamatagal na digmang bayan sa kasaysayan ng daigdig. Sa pamamagitan ng ekokritikal na pagbasa, masasabing pinatotohanan ng panitikang pambansa-demokratiko ng Pilipinas ang mas abanteng pamumuhay at pakikisalamuha sa kalikasang ngayo'y nasa kalagayan ng krisis dahil sa pagtindi ng pagsimot ng likas na yaman sa ilalim ng imperyalismo o pandaigdigang kapitalismo. Ayon kay Glen Love sa kaniyang maimpluwensiyang sanaysay na "Revealing Nature," nakabalangkas ang kontemporaneong lipunan sa idea na ang seguridad ng kapakanan ng tao ang rurok ng kabutihan. Ang ganitong pag-iisip ay nagdulot ng *ecocidal* (anti-kalikasan) na *fetish* sa pagkokompetensiya para sa mga likas na yaman (203). Sa gayon, tungkulin ng mga tagapagtanggol ng kalikasan na biguin ang ideolohiyang pinaglalayo ang katauhan at kalikasan (213). Binabasa ng lenteng ekokritikal ang akdang pampanitikan bilang simulain sa pagbabalik-tanaw sa pinagmulan at pag-unlad ng mga aktitud at praktikang nagbigay-daan sa malawakang krisis sa kalikasan upang mabago ang

mga ito (Medovoi 126; humalili rin kay Newman). Hindi layunin ng pag-aaral na ito na ikampeon ang mga tradisyonal (piyudal) na aktitud tungo sa kalikasan na kinakatawan ng pantasya, galimgim, at pagtakas sa kanayunan para sa interes ng indibidwal (Gifford 18). Sa halip, ibig nitong tumuklas ng mga aktitud at praktikang nakadokumento sa tula na nagsasabuuhay ng alternatibo sa nananaig na relasyon ng katauhan at kalikasan.

Hahalaw ang saliksik na ito ng ilang mga tula mula sa *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* bilang kaso. Pinili ang katipunang *STR* ("Sa Tagumpay ng Rebolusyon") para sa eksperimentong ito dahil malawak ang representasyon ng aklat ng mga danas mula sa iba't ibang sonang gerilya sa bansa. Sa panahon ng diktadurang Marcos at Batas Militar sa bansa, naisulat ang mga naturang akda sa kanayunan ng Hilagang Luzon, Kabisayaan, at Mindanao ng mga makatang petiburges, pambansang burges, at panginoong maylupa na sumailalim sa pagbabagong-hubog upang sumandig sa rebolusyonaryong pakikibaka (MAINSTREAM 9). Iminumungkahi ng pag-aaral na ito na nagbubunsod ang mga tula sa *STR* ng puna sa kasalukuyang relasyon ng katauhan at kalikasan sa pamamagitan ng paglalahad ng mga karanasan ng mga pulang mandirigma sa kanayunan. Kung babasahin ang mga piniling tula sa balangkas ng materyalismong diyalektiko, masasabing ang paghulagpos ng mga makata tungo sa kabundukan at kagubatan upang maglunsad ng mga TO, magtayo ng mga baseng masa, at magtatag ng repormang agraryo ay isang proseso ng pagbabalik-loob sa ekosistema. Dito maaaring magtagumpay ang makata bilang saksi sa abot, kapitaganan, at kilos ng kalikasan na dinudugtong niya sa pakikibaka at pagpupunyagi ng katauhan (Guillermo, *Protest/Revolutionary Art* 104). Ang pagpapakita ng mga akda ng kahirapan ng naturang pagbabalik-loob ay nagsisilbi ring batikos sa mapinsalang aktitud sa rehimen ng malakihang produksiyon. Tila iginigiit nila, bilang propaganda ng PKP-BHB-PDPP, ang makakalikasang praktika ng pakikibaka sa mga sonang gerilya. Sa pagbasa ring ito mas nagiging malinaw ang diwang eko-Marxista na bitbit hindi lamang ng mga akda kundi ng mga pulang mandirigmang itinuturing ang bundok, mga puno, at mga bato bilang kasama.

Ibig ilatag ang pagsusuring ito sa tatlong bahagi. Una, isasakonteksto ang mga akda sa mas malawak na kasaysayan ng pampanitikang produksiyon ng kilusang pambansa-demokratiko upang itala ang nakaraan, kasulukuyan, at hinaharap ng pakikibakang kinabibilangan ng mga tula. Ikalawa, babaybayin

ang mga argumento ng ilang ekokritiko upang bigyang-diin ang pagyari at paggamit ng ekokritikong paglapit sa panitikan ng may Marxistang pananaw. Ikatlo naman, magbibigay ng pagbasa ng mga tula mula sa *STR* gamit ang kasaysayan ng kilusang pambansa-demokratiko at materyalistikong diyalektikal na suri ng ekosistema bilang giya.

**Ang Panitikan mula sa Sonang Gerilya**

Muling itinatag ni Jose Maria Sison ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong 26 Disyembre 1968 upang isulong ang matayog na layunin ng masang anakpawis at hukbong kumain-dili tungo sa kaunlaran sa aspektong ekonomikal, politikal, at kultural. Simula't sapol, ang lunggati ng rebolusyonaryong kilusang pambansa-demokratiko (o *national democracy*) ay ang pagpapabagsak sa imperyalismong Estados Unidos, piyudalismo, at burukrata kapitalismo[1] sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan (Guerrero 217). Umiikot ang kilusang pambansa-demokratiko sa paghulma ng hanay ng mga progresibong puwersa upang lansagin at palitan ang pamumuno ng mga reaksiyonaryong elite at ang kanilang mga kakampi na sumusuporta at sinusuportahan ng imperyalismong U.S. sa pamamagitan ng mga politikal at ekonomikong kasunduan (San Juan, *Only by Struggle* 117). Sa isang lipunang malakolonyal at malapiyudal, pinapaunlad ang rebolusyong samahang masa ng kilusan ng mga anakpawis sa lungsod at armadong pakikibaka sa kanayunan (Guillermo, *Ang Panitikan* 9). Nakasalig ang pakikibang ito sa estratehikong linya ng pagkubkob ng mga lungsod mula sa kanayunan sa loob ng matagalang digmaan (Liwanag 7). Sa harap ng mga kontrarebolusyonaryong kampanya ng kasalukuyan at mga nakaraang reaksiyonaryong pamahalaan, patuloy na nagdidingas ang digmang bayan sa mga sonang gerilya sa bansa.

Ang unang PKP ay itinatag sa Maynila noong 7 Nobyembre 1930 ni Crisanto Evangelista na isang namumukod-tanging pinuno ng mga unyon ng manggagawa noon. Iyon na rin ang unang pagtatangka na tahiin ang teorya ng Marxismo-Leninismo sa mga kongkretong kondisyon ng Pilipinas (1). Hinarap ng lumang Partido ang pagkakanulo ng ilang lider, ang patuloy na paniniktik ng U.S. at ng papet na estado ng Pilipinas, at ang digmaang pandaigdig. Noong 1960s, tila naglaho na nang tuluyan ang Partido hanggang buhayin ulit ito ng mga rebolusyonaryong manggagawa, pesante, at kabataan sa pamumuno ni Amado Guerrero/Jose Maria Sison bilang kalihim para sa kabataan ng lumang Partido (3). Sa ilalim ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ang bagong

tipo ang naglapat ng kaisipang Mao Zedong sa pagsuri ng mala-piyudal at mala-kolonyal na bansa. Bago pa man ipataw ng rehimeng U.S.-Marcos ang kaniyang diktadura, lumakas at lumawak na ang Partido sa punto na may kakayahan na itong buoin ang Bagong Hukbong Bayan noong 29 Marso 1969 (10). Humantong ang mga kondisyon ng panahon sa First Quarter Storm ng 1970 at mga malawakang pagkilos sa susunod pang mga taon na nagkaroon ng mahigpit na ugnayan sa armadong pakikibaka noon sa Tarlac. Pagkatapos biguin ang diktadurang Marcos, sa bukang-liwayway ng bagong madugong rehimen sa ilalim ni Corazon Aquino, humarap ng mga hamon ang PKP-BHB-PDPP na nagbunsod sa pagkahati nito. Sa ilalim ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, kinilala, itinakwil, at iwinasto ang mga pagkakamali ng insureksiyon sa lungsod at ang malawakang pananakot laban sa pagpasok ng mga kaaway sa rebolusyonaryong hanay (Jalandoni w.p.). Hanggang ngayon, patuloy na umuusad ang armadong pakikibaka sa kanayunan at ang demokratikong kilusan sa kalunsuran upang basagin ang dominasyon ng imperyalismong U.S. na itinataguyod ng piyudal, komprador, at burgesyang uri sa Pilipinas sa lahat ng prente, kasama ang *neocolonial* na pag-iisip, praktika, at tradisyon na suhay ng politika at ekonomiya ng naghaharing-uri (San Juan, *Only by Struggle* 117).

Sa iba't ibang gawaing kaakibat ng rebolusyonaryong pakikibaka, masasabing malaki ang papel na ginagampanan ng sining at panitikan. Hindi magiging ganap ang pagsulong ng rebolusyong Pilipino kung hindi magkakaroon ng malawak na pagkamulat ang mamamayan sa tatlong ugat ng kahirapan sa bansa (Guerrero 200). Sa ilalim ng Ikalawang Kilusang Propaganda ng PKP na ginagabayan ng Maoistang paniniwala sa kahalagahan ng rebolusyong kultural, ang konsepto ng demokrasyang bayan ang tuwirang buod ng pangkulturang programa ng pambansang demokrasya. Ika nga ni Vladimir Lenin, ang panitikang proletaryado ay isang tornilyo sa buong makinarya (sipi sa Mao, *Talks* 75). Maimpluwensiyang salik sa kakayahan ng akdang magsiwalat ng realidad ang uring pinanggalingan at ginalagawan nito. Matingkad ang pagkakaiba ng panitikang tumatalima sa interes ng burgesya (indibidwalismo, pantasya ng kayamanan/pagpapayaman, liberalismo) at ng proletaryo. Namihasa na tayo sa pagpapalagay na ang isang akda ay bunga ng henyo ng isang manunulat (San Juan 220[c]). Laganap pa rin ang paniniwalang ang manunulat ay parang propeta na may kakayahang alamin ang mga tagong mensahe ng mundo (Mao, *Talks* 11). Batay sa pagsisiyasat ng uring panlipunan, "ang literaturang itinuturo ay isang sangay ng kabihasnan na kagamitan sa

paghulma ng isip at kilos ayon sa dominanteng pangitain ng namumunong uri" (222). Sa kabilang palad, naniniwala si Mao Zedong na ang manunulat ay tila manggagawa na hinahasa ang kaniyang pagsasanay sa pamamagitan ng praktika. Sumakatwid, inilalarawan ng produksiyong pampanitikan ng anakpawis ang buhay at pakikibaka ng mas malawak na hanay ng mamamayan (Mao, *Talks* 52). Ilan sa mga awtor mula sa tradisyong ito ay sina Jose F. Lacaba, Ruth Firmeza, Rogelio Mangahas, E. San Juan Jr., Teo Antonio, Bayani Abadilla, at si Amado V. Hernandez (Ordoñez R. 438).

Kuro din ni Sison na ang panitikang proletaryo ay umuusbong mula sa sikolohiyang tumatalima sa mas dinamikong puwersang humuhulma sa lipunan (*The Struggle* 103). Inilalarawan ng panitikang pambansa-demokratiko na maaaring umusbong sa hanay ng anakpawis o sa panggitnang uri ang tunggalian ng mga naghahari at dominadong uri. Ang tradisyong ito ang humahalili sa "pagsasakatuparan ng mahigpit na ugnayan ng panitikan at lipunan sa ating panahon," (Guillermo, *Ang Panitikan* 9) at kung ang pagkawasak ng atrasadong panlipunang sistema ang kalam ng taumbayan, ito ay nagiging isang mahalagang tema na nararapat ilarawan ng likhang-sining pambansa-demokratiko (Guillermo, *Protest/Revolutionary Art* 3). Isinusulong ng panitikang ito "ang mithiin para sa pagbabago ng nakararaming mamamayan" sa pamamagitan ng pagbunyi sa sama-samang pagkilos tungo sa pagkamit ng naturang mithiin (Guillermo, *Ang Panitikan* 10-1). Saan sumisibol ang panitikan ng armadong pakikibaka tungo sa pambansang demokrasya? Ika nga ng historyador ng sining na si Alice Guillermo,

> Binubuo ng mga sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa kanayunan ang primaryang giya ng pag-iral ng rebolusyonaryong sining at panitikan sa Pilipinas. Pinapatunayan ito ng katotohanan na sa kanayunan nanggagaling ang mga pesante at magsasaka na sumasaklaw sa pangunahing puwersa ng rebolusyonaryong hanay at kung saan nanggagaling ang kalakhan ng rekruta ng BHB. (59, aking salin)

Ang mga sonang gerilya sa kanayunan kung saan nagpapalawak at nagpapalakas ang bagong tipo ang nagiging entablado ng rebolusyonaryong sining at panitikan. Dahil magsasaka ang bumubuo ng karamihan ng kasapian nito, bahagi ng pangkulturang gawain ng mga miyembro ng BHB ang pagsisiwalat sa kahirapan at pagpupunyagi ng masang anakpawis. Pinupuna ni

San Juan Jr.[b] ang di-makatarungan at dogmatikong pagpapabor sa kanayunan bilang pangunahing puwersa ng rebolusyon na nagdudulot ng herarkikal na pananaw sa iba't ibang hanay ng demokratikong rebolusyong bayan (120). Sa pangkulturang suri ni Mao, sa kanayunan man nagmumula ang malakas na puwersa ng kilusan, ibig ng rebolusyonaryong manunulat na patiningin at palawakin ang produksiyong pampanitikan upang pumukaw ng mas malawak na hanay (Mao, *Talks* 11). Kung gayon, nararapat ang mahigpit na ugnayan ng kilusan sa lungsod at sa kanayunan bilang magkapantay na rebolusyonaryong puwersa. Gayumpaman, sa interes ng pananaliksik na may pokus sa relasyon sa kalikasan, maigi pa ring balikan ang mga nasulat na akda mula sa sonang gerilya na matatagpuan sa mga natitirang *ecological zones*—kung saan ang buhay ay primaryang pinapangasiwaan ng natural na penomena—sa Pilipinas.

Interesanteng pag-aralan ang produksiyong pampanitikan ng 1970s hanggang 1980s dahil sa masiglang daloy ng panitikan mula sa mga sonang gerilya tungo sa mga imprenta ng kalungsuran. Hindi maikakailang mahalaga ang panunumbalik ng mga mananaliksik sa panahong ito sapagkat, sa panahon ng pagsulat ng kasalukuyang sanaysay, muling nakaupo sa Malacañang ang isang Marcos. Pinangunahan ang paglilimbag ng pampanitikang produksiyon mula sa sonang gerilya ng mga organisasyon tulad ng Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto (NPAA) at Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). Pinulong ng huli ang mga manunulat mula sa iba't ibang kolehiyo upang tutulan ang pag-iral ng "isang burges at reaksiyonaryong panitikan […] na ipinipilit isalaksak ng naghaharing-uri sa kaisipan ng sambayanan para patuloy silang makapaghari at makapagsamantala sa matagal nang api at aliping masa" (Lumbera, "UP at PAKSA" 81). Nilimbag ng PAKSA ang mga publikasyon tulad ng *Kamao* (1971), *Sigwa* (1972), at *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan* kasama ng NPAA. Muling inilimbag ang mga ito ng Kalikasan Press noong 1992. Bukod dito, nailathala din ng Kalikasan Press ang mga *Habilin: Antolohiya ng KATHA para sa Pambansang Kasarinlan* (1991) at *Gerilyero: Mga Kuwento ng Pakikibaka* (1991) na nagtitipon ng iba't ibang anyo mula maikling kuwento hanggang panayam. Katuwang ng NPAA, PAKSA, at Kalikasan Press noong 1970s hanggang 1990s ang iba pang legal na institusyon, imprenta, at organisasyon na sumasalig sa pambansa-demokratikong pananaw tulad ng Kilusan sa Paglilinang ng Rebolusyonaryong Panitikan at Sining sa Kanayunan (LINANG) at MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education Resource Center na naglimbag ng nobelang *Gera* (1991) ni Ruth Firmeza at maging ang *STR* (Ordoñez E. *xx*). Binuo naman ng

Instityut sa Panitikan at Sining ng Sambayanan (IPASA) ang *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas*. Maging ang Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) na pinamumunuan mismo ng mga kadre sa kanayunan ay nakakapaglathala sa mga lungsod ng mga akda tulad ng kina Jason Montana at Kris Montanez. Mahigpit ang ugnayan ng mga sulating nadokumento sa itinakbo at hinaharap ng matagalang digmang bayan sa maagang yugto nito. Sa panahon mismo ng pagsusulat, ang mga manunulat ay "aktibong kumikilos bilang mga rebolusyonaryong puwersa sa kanayunan sa panahon ng pagsusulat. Sila'y mga kadre at kasapi ng PKP, pinuno at mandirigma ng BHB, kasapi ng NDF o ng mga organisasyong masa sa kanayunan" (Guillermo, "Introduksyon" *xxiii*). Sa kasalukuyan, mapapansin ang paghina ng produksiyong pampanitikan mula sa sonang gerilya tungo sa kalungsuran; mas malaki ang posibilidad na makapagbasa ng naturang mga akda sa pamamagitan ng pasa-bilis (kung saan pinagpapasa-pasa sa loob ng kilusan ang iilang kopya ng sulatin) o ng *internet.*

Naging interes ang rebolusyonaryong panitikan ng ilang dalubhasa at mananaliksik, miyembro man ng kilusang pambansa-demokratiko o hindi. Itinala ng *Nationalist Literature: A Centennial Forum* ang kasaysayan ng makabansang panitikan sa Pilipinas mula sa "alegorya at realismo nina Balagtas at Rizal [hanggang sa] radikal na pagsulat para sa protesta ng kilusang pambansa-demokratiko, at ang mga palihim na panulaan at mga naratibo ng mga pulang mandirigma" (Ordoñez E. *xx*). Idinokumento naman ni Lilia Quindoza-Santiago ang panulaan ng protesta ng dekada setenta. Binanggit niya na "sa kabila ng hapis at galit, mas naging matingkad ang tradisyon ng tula dahil hinaharap ng mga makata ang hamon na yumari ng mga bagong porma at paraan upang ilarawan ang realidad ng panahon" (282). Masikhay na nagsagawa ng mga pag-aaral at pagsasateorya sina Edel Garcellano, E. San Juan Jr., at Gelacio Guillermo na sumasang-ayon sa nabatid nina Ordoñez at Quindoza-Santiago tungkol sa masiglang produksiyon ng rebolusyonaryong panitikan noong dekada setenta. Naging tugon ang produksiyong ito sa masidhing pagpapalaganap ng ideolohiyang burges ng kapitalistikong uri upang ipagtanggol at isakatwiran ang indibidwalismo at ang kalayaan na lupigin ang manggagawa (San Juan, "From Jose Garcia Villa" 190). Habang umiiral pa rin ang dominasyon ng imperyalismong U.S. sa bansa, patuloy ang pag-aaral at pagbabalik-tanaw sa rebolusyonaryong panitikan sa kasalukuyan. Nariyan ang mga pag-aaral nina Ma. Paula Luz Pamintuan-Riva (tungkol sa kasaysayan ng panitikan ng PKP), Pauline Hernando (tungkol sa mga tula ni Ma. Lorena

Barros), at Grace Concepcion (tungkol sa mga talambuhay nina Crispin Beltran at Cesar Lacara) na sumusuri sa ugnayan ng pagsulat bilang praktika at ng buhay ng mga rebolusyonaryo (nasa sanggunian). Sinusundan din ng pananaliksik na ito ang mga yapak ni Neferti Tadiar sa kaniyang *Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization,* kung saan sinikap niyang tukuyin ang rebolusyonaryong imahinasyon ng panitikang pambansa-demokratiko (265). Kabilang sa estrukturang imahinasyonal ang tropo ng lupa, gubat, at iba't ibang bahagi ng kalikasan na ibinabalangkas bilang potensiyal na sona ng pagkakaisa (268-9).

Batid ko na habang marami na ang sinulat tungkol sa panitikan mula sa mga sonang gerilya, mayroong puwang sa pag-aaral sa ugnayan nito sa kalikasan. Ilan sa mga saliksik tulad ng kay Gelacio Guillermo ay may minsanang komento tungkol sa pagkalaganap ng mga tropo at imaheng ekolohikal sa mga tulang pambansa-demokratiko. Sa kabila nito, naisasantabi ang mga tropo at imahen ng kalikasan bilang pahiyas sa mga akda, mas lalo na sa mga tula, ang pormang mas pinapaboran ng mga pulang mandirigma dahil sa pagkakagyat at katangiang oral nito. Gayunman, sa mas malalim na suri, matatanto na ang pagsulat tungkol sa kalikasan ay katumbas ng pangangatwiran tungkol sa ugnayan ng tao—ng mga rebolusyonaryo, sa kasong ito—at ng kaniyang kapaligiran. Habang binibigyang-pansin nila Ganitsky ang kakayahan ng tula na laliman ang papel ng kalikasan sa buhay ng mga biktima ng digmaan, (106-9) mayroong puwang sa pag-aaral ng relasyon ng gerilya at ng kaniyang sona.

Bukod ng mga nabanggit sa itaas, sa kalipunan ng mga publikasyong nagsaantolohiya ng mga akda ng pulang mandirigma, pinili ko ang *STR* sapagkat nagtitipon ito nga mga akda na nalimbag na sa ibang mga aklat o koleksiyon. Kung sa gayon, ang mga tulang matatagpuan sa katipunan ay nakaranas na ng sirkulasyon sa ibang lunan at panahon. Sa partikular, lunduyan ng pag-aaral na ito ang mga tulang nagpapahayag ng "personal na damdamin ng mga rebolusyonaryo tungkol sa kanilang sarili, mga mahal sa buhay, karanasan at hinaharap sa pakikibaka"[2] (Guillermo, "Introduksyon" *xxiv*). Nagkataon na marami sa mga naturang tula ay humahalili sa tema, imahen, at tropong ekolohikal.

**Panitikan sa Panahon ng Pangkalikasang Krisis**

Sinasang-ayunan ng mga ekolohikang pag-aaral na sinasagka ng lumalawak na imperyalismo ang kalagayan ng kalikasan at katauhan. Ang krisis ng ating panahon ay nilalarawan hindi lamang ng *climate change* kundi ng pagtindi ng produksiyon ng basura at paglaganap ng *industrial particulates* sa bawat sulok ng mundo na pinapalala lamang ang busaksak na paghalaw ng likas na yaman ng mga bansang industriyal sa mga atrasadong bayan tulad ng Pilipinas (Sullivan 47). Sa katunayan, pinapalibutan ng mga multinasyonal at transnasyonal na operasyong agro-industriyal ang 40 porsiyento ng kalupaan ng planeta. Sila rin ang nananagot sa higit-kumulang sa 85 porsiyento ng pagkonsumo ng tubig, pagpapakalbo ng kagubatan, matitinding kabawasan sa *biodiversity*, at katlo ng *greenhouse gas emissions* sa daigdig (Somerville et. al. 254). Patuloy na tinutulak ng neoliberalismo ang labis-labis na pagkonsumo at polusyon na pinapalala ang krisis ng kalikasan. Sa kaso ng Pilipinas, dahil sa layunin ng sistemang pang-ekonomiya na magkamal ng kita, sinasaid ng mga dayuhang kapitalista, malalaking negosyo, *technocrats*, at tiwaling burukrasya ang mga likas na yaman ng bansa (CEC 1). Nagbabalatkayo bilang mga proyektong pangkaunlaran ang malakihang pagmimina, reklamasyon ng lupa, at pagtotroso (7). Ang layunin ng mga ganitong pamasak-butas ay pangasiwaan ang produksiyong tumutuon sa pandaigdigang merkado sa halip ng mga pangangailangan ng bansa (57).

Noong ika-19 na siglo, isa sina Karl Marx at Friedrich Engels sa mga unang nagbigay babala tungkol sa ekonomiyang pampolitikal na humahalili sa krisis na ito. Bahagi raw ito ng natural na kurso ng kapitalistang pag-unlad, na ang lupa ay ginagawang komoditi at ang mismong mga batas komersiyo ang nangangasiwa sa pananamantala nito (Marx & Engels 333). Sinisira ng paulit-ulit na maramihang paggawa at pagkonsumo ang daloy ng buhay sa ekosistema, partikular na sa pagitan ng urban at rural. Pinalalala rin ng malakihang pag-aangkat sa pagitan ng mga lungsod ang polusyon at kawalan ng esensiyal na sustansiya mula sa lupa tulad ng *nitrogen*, *phosphorus*, at *potassium* na mahalaga sa pagkain (Foster, "Marxism and Ecology" 3). Isang matinding biyak ang lumitaw sa metabolismo ng likas na yaman at sustansiya ng planeta. Tinawag ito nina Marx at Engels na *metabolic rift* na resulta ng kapitalistang produksiyon at pagkonsumo at imperyalistang pangangamkam ng lupa at lakas paggawa sa pagitan ng mga bayan (Foster, "Marx's Ecology" 141; Engels 460-1). Ang pagkamal ng kita ang siya mismong sumisira sa lupa, ang lunan ng

lahat ng produksiyong pantao. Sa kabilang banda, sabay ang pananamantala ng mga burgesya komprador at panginoong-maylupa sa katauhan—mga maralitang ginagawang murang lakas-paggawa—at kalikasan—mga likas na yaman. Ang pilitang pagpapaalis ng mga komunidad at ang pagtaas ng presyo ng pagkain ay ilan pa sa mga epekto ng paggalaw ng kapital sa daigdig sa porma ng mga *investments* at *extraction operations* sa mga eryang mayaman sa rekurso (Camba 12). Mailalarawan ang kasalukuyang moda ng produksiyon bilang isang tren: "Capitalism flurries like a roaring engine that proliferates contradictions that must be solved either through ongoing rapacious growth, or increasing exploitation of workers and the natural environment" (Robbins 54). Sa punto-de-bistang kapitalistiko, ang kalikasan ay nagsisilbi lamang na batis ng sangkap para sa *malakihang* produksiyon ng tao sa halip na bahagi ng metabolismo ng buhay. Noong bungad pa lang ng kapitalismong industriyal, unti-unting kinikipot ang katangian ng tao at di-taong buhay bilang mga objek para sa regulasyon. Mababatid ito sa mga kampanyang demograpiko at rebolusyong industriyal. Mismong "buhay" (*bios*) ang tumatayong lunduyan ng regulasyon ng kapital (Medovoi 124). Sa ilalim ng rurok ng pag-iral na ito, ang multinasyonal na yugto ng kapitalismo o ang imperyalismo, "itinuturing ang kalikasan bilang kuwantitatibong bagay lamang na ang nag-iisang halaga ay inilalarawan bilang hadlang sa mas malakihang produksiyon at pagkamal ng kita tungo sa walang kapagurang pag-unlad ng kapital" (Groh, Sieferle & Vintilla 557). Sa punto-de-bistang Marxista, ang rebolusyon laban sa sistemang nananaig sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ang wawaksi sa sabay na pananamantala sa tao at kalikasan.

Sa harap ng ganitong krisis, kinakailangang tukuyin ang mga akmang pangkultural na tugon na kakaakibat sa mga tinatahak nating hakbang upang pigilan ang *slow violence* na sumasagka sa ekosistema. "Birtud ng literatura ang pumukaw ng diwa o damdamin at magbigay ng aral na mapapakinabangan," ani San Juan Jr.[c] tungkol sa utilitaryanismong ugit ng panitikan (221). Tulad ng sa kilusang pambansa-demokratiko, malaki ang papel ng panitikan sa kilusang pangkalikasan dahil sa didaktikong motibasyon at posibilidad nito.

Upang tumugon sa pangangailangan ng panahon, sumambulat ang mga tangka tungo sa ekolohikal na lapit sa panitikan noong 1970s (Glotfelty at Fromm *xviii*). Sa isang eksperimental na sanaysay, binigyang-diin ni William Rueckert ang nararapat na maging buod ng teoryang ito: ang pananalig sa lakas ng katauhang baguhin ang krisis ng daigdig (84). Pinapangako nito ang

kahalagahan ng lapit sa panahon ngayon. Tinaguriang ekokritisismo (*ecocriticism*) o ekolohiyang pampanitikan (*literary ecology*), ang unang anyo ng lapit na ito ay nagmumula sa idealistikong istoryograpikal na posisyon kung saan iginigiit ang kahalagahan ng tradisyonal na langkap ng anyong *pastoral*: ang pagpapantasya, pag-alala, at pagtakas tungo sa kanayunan upang magbalik-loob sa kagubatan (Gifford 18). Gayumpaman, romantiko ang pananaw ng ganitong mga akda dahil layunin lang nitong imbitahan ang mambabasa sa sandaliang bakasyon sa kanayunan. Itinutumbas ng mga naunang pag-aaral sa lente ng ekokritisismo ang ilang (*wilderness*) ng kanayunan sa konsepto ng kalikasan kahit na ang huli ay maaaring tumukoy sa kahit anong/saang dinadaluyan ng buhay (Medovoi 128). Ilang dekada pagkatapos anyayahan ni Rueckert ang mga kritiko ng panitikan na sumalig sa kilusang pangkalikasan, binubuyo pa rin ng takot (*anxiety*) ang mga ekokritiko tungo sa pakikilahok sa mas maraming hanay ng masa dahil sa tila di-madadaig na krisis (Newman 1).

Naniniwala ang eko-Marxistang si Lance Newman na hindi sapat ang laganap na kalakaran ng ekokritiko kung ang lapit ay gagamitin lamang upang ilarawan ang mga kaugaliang anti-kalakasan at ikampeon ang idealistikong paraan ng pagsagip ng mga ekosistema sa pamamagitan ng mga pagbabago sa indibidwal na pamumuhay at paghahanap ng mga kompromiso sa pagitan ng kalikasan at kapital (11). Upang tuparin ang pinakaimportanteng tunguhin ng ekokritisismo, ang baguhin ang relasyon ng katauhan at kalikasan, dapat itong tumungo sa pagyayari ng praktika (2). Kinakailangan na ipaliwanag kung bakit nananatiling dominante ang mga kaugaliang anti-kalikasan sa loob ng espesipikong *ecosocial order* at puntiryahin ang mga kondisyong nagsusustena sa mga kondisyong ito (10-1). Sa ibang salita, kung gusto ng ekokritikong lumabas sa simplistikong pagpapaliwanag ng masasamang ugali, kinakailangan ang materyalistikong lapit sa akda na ikakawing ito sa pisikal na lunan at sa totoong praktika ng manunulat na maaaring maging kontrapuntal sa nananaig na rehimen (Hopkins 66). Hindi lamang ideolohiya ang pinagbabangga ng ganitong diyalektiko, kundi mga espesipikong relasyon sa paggawa at lupa (Newman 12). Tumatalima ang ganitong pananaw sa batas ng materyalismong diyalektikal na inaangkla ang pag-iral ng kasaysayan sa paglutas at/o pagtunaw ng mga kontradiksiyon (Mao, *On Practice* 72). Tinitingnan ng ganitong suri ang lahat ng porma ng signipikasyon sa loob ng mga kondisyon ng produksiyon, (Williams 210) partikular na ang mga relasyon na naggagawad ng epektibong kontrol sa mga sangkap sa paggawa ng mga materyal na pangangailangan ng katauhan upang mabuhay *sa loob* ng ekosistema (Newman 12). Sa kabilang

banda, ang materyalistang pokus sa kapaligiran bilang kondisyon ng produksiyon ay impleksiyon din ng nakasanayang Marxistang lapit sa panitikan (Medovoi 124).

Sa isang lapit na nilalayong ipagtambal ang makakalikasang buod ng ekokritisismo at ang materyalistikong giya ng makauring pagsusuri, ang primaryang gawain ay hindi ang pagkokompara ng iba't ibang kalikasang inilalarawan sa mga teksto kundi ang mga historikal at panlipunang kalikasan kung saan nagtatagpo ang manunulat at ang iba pang aspekto ng ekosistema (Newman 18). Mula sa ganitong punto-de-bista, ang pag-aaral na ito ay naglalayon ding tugunan ang obserbasyon ni Juan Estéban Villegas na mayroong pagkukulang ng pananaliksik sa relasyon ng tula, kasidhian, at kalikasan (113). Binibigyang-diin niya ang pag-aaral ng *poetics* ng pakikidigma mula sa ekolohikal na posisyon kung saan mapapatingkad ang mga topograpikal na katangian ng gerilya (127). Sapagkat bundok, gubat, at ilog ang tereyn ng digmang bayan sa kanayunan, hindi maiiwasan ng karamihan ng mga rebolusyonaryong manunulat at makata na ilarawan ang kanilang danas sa loob ng ekosistema sa kanilang mga akda. "Ang gubat, ulan, ilog, bukid, [at] parang ay mga panandang-bato ng pakikihamok at bukal ng mga batas sa pag-aaral at pagsasapraktika ng digmang bayan sa kanayunan" (MAINSTREAM 9-10). Bukod sa pagiging lunan, ang ilang ng bundok, gubat, at ilog ng Pilipinas ay nagsisilbing batis ng mga tropo, imahen, at danas na sumasalamin sa mga mithiin ng mga rebolusyonaryong manunulat at makata. Batid nga ni Neferti Tadiar, "tulad ng bundok, ang masa ay sona ng pagkilos, isang larang na naghihintay na mayakap ang kalayaang dala ng kilusan. Nagbibigay sila ng inspirasyon at likas bilang *pook* ng rebolusyonaryong potensiyal" (272, aking salin, diin sa orihinal). Hinahabi ng rebolusyonaryong imahinasyon ang hubog ng kalikasan at kakayahan ng katauhan.

Mungkahi ko na maaaring humalaw ng idea at praktikang anti-kapital/makakalikasan mula sa mga piling tula sa loob tatlong namumukad na tema: Una, ang pagpupunyagi ng mga pulang mandirigma na umangkop sa mga materyal na kondisyon; ikalawa, ang paglalarawan at pagkilala sa kalikasan bilang kahanay at kasama; at ikatlo, ang pakikibaka para sa isang bisyon ng sosyalismo na tumatalima sa pagbabalik-loob ng katauhan sa ekosistema bilang boni patres familias. Pinag-iingat ni Garcellano ang mga Marxistang kritiko laban sa deterministikong pananalig na magsisiwalat ng pragmatikong solusyon sa mga komplikadong problema ang panitikang pambansa-demokratiko (23).

Sa ganitong palagay, nilalayon lamang ng pag-aaral na tumukoy ng mga ideya at praktika mula sa mga tula na tumugon sa ekolohikal na krisis at sumalig sa pangkalikasang programa ng PKP-BHB-PDPP noong dekada setenta.

## Ang Imahinasyong Ekolohikal ng *STR*

***Pag-angkop sa mga Panlipunan/Natural na Kondisyon*.** Naisulat ang mga akda sa katipunang *STR* noong yugto ng estratehikong depensibo ng matagalang digmang bayan sa bahaging pasimula at palawak. Tahasang nag-angkat ng banyagang kultura at representasyon ang diktadurang Marcos upang puksain ang makabayan, siyentipiko, at makamasang diwa ng mamamayan (Lumbera, "The Nationalist Literary Tradition" 413). Sa kabilang banda, naging mayabong ang gawaing kultural ng PKP noong dekada setenta dahil naging alumpihit ang mamamayan, (Torres-Yu 418) lalo na ang manggagawa na naging batis hindi lang ng inspirasyon sa sining kundi ng mga bagong kasapi ng BHB. Bunga ng krisis at matinding kahirapan, nakaukit ang buod ng buhay ng iba't ibang sektor ng malawak na hanay ng masa sa panitikang pambansa-demokratiko (Ordoñez 416). Sa *STR*, mababasa ang mga tulang nagpapakita kung paano umangkop ang mga pulang mandirigma sa mga panlipunan at natural na kondisyon ng kanilang kapaligiran. Sa ganitong pagsisiwalat, nasisipat din ng mga akda ang makauring pagsusuri ng sabay na paniniktik sa katauhan at kalikasan.

Alinsunod sa balangkas ng materyalismong diyalektiko isinisiwalat ng ilang mga tula ang mga materyal na kondisyong nagtulak sa mga persona na umakyat sa kabundukan upang sumapi sa BHB. Itinala ng "Ang Pamana" ni Servando Magbanua ang mga huling habilin o "pamana" ni Gabriel Danid, o *Antay* Gabriel sa tula, na isa sa matatandang lubos na iginagalang sa Tapaz, Capiz. Sumali siya sa BHB noong siya ay nanghihina na dahil sa tuberkolosis (MAINSTREAM 225). Wari'y inilalarawan ng karakter sa naratibong tula ang kasaysayan ng pakikibaka para sa kalayaan sa Pilipinas:

> "Makaraa'y muli silang dumating, ang mga taong may baril
> nakasuot ng kanilang palalong uniporme, at nagsabing:
> 'Ang lupang ito'y pag-aari ng Army Reservation.
> Magbayad ng upa, kundi'y mamamatay kayo!'" (131)

Iisinisiwalat ng tula ni Magbanua sa boses ni Gabriel ang malapiyudal na kondisyon ng agrikultural na sektor sa bansa kung saan ang pamahalaang binubuo ng mga panginoong-maylupa—pahiwatig ng pagtawan sa taniman bilang *Army Reservation*—ang nagmamay-ari at nakikinabang sa bunga ng lupang tinataniman ng mga magsasaka. Malinaw sa tula na pandarahas ang paraan ng mga panginoong-maylupa upang panatiliin ang kanilang kapangyarihan. Ang pagbunyag ng naturang katotohanan ay isa sa mga pundamental na balakin ng akdang makamasa (Mao, *Talks* 80).

Maririnig ang kalbaryo ng mga magsasaka at manggagawa sa iba pang akda tulad ng "Bakir" ("gubat" sa Iloko) ni Gelacio Guillermo sa ilalim ng kodang Kristri o Kris Montañez. "Siksik na sa ani / Ang bodega ng panginoong maylupa, [...] May naisasaing pa ang mahirap / Na magsasaka... (193). Matatas na nilalarawan ng "Bakir" ang kabalintunaan sa sistemang piyudalistiko. Ang sisik na ani ng naghihirap na magsasaka ay pupunta sa bodega ng mga maylupa. "Tayo'y nagbanat ng buto / hubo't hubad pa rin tayo sa karukhaan / naghihirap pa rin ang ating mga anak / at hindi tayo malaya," ani Antay Gabriel sa "Ang Pamana" (Magbanua, "Ang Pamana" 132). Inilalarawan din ng "Bakir" ang pandarahas sa hugis ng pagkulong at pagpatay ng mga magsasaka bilang kaakibat ng pagpapalawak ng lupain:

> ...Isang ama,
> Ina, anak o kapatid ang nawawala.
> May bangkay na namang lulutang
> Sa ilog, mangagamoy
> Sa gubat, o mabubulok
> Sa bilangguan. (193)

Pinupukaw ng tula ang damdamin ng mambabasa sa paghihinagpis ng anakpawis sa paggamit ng tropo ng pamilya sa paglalarawan ng sektor. Malinaw din itong paggunita sa karahasan sa ilalim ng Batas Militar noong panahon ng pagkasulat. Ipinapahiwatig ng malinaw at tuwirang paglalahad ng dahas na ang tula ay parehong paraan at mensahe ng pagpaparating ng realidad (Daroy 236). Habang ang hukbong mapagpalaya—ang manggagawa—ay ilang beses na binanggit sa aklat (hal. sa "Kung Ako'y Mamamatay" ni Emmanuel Lacaba, "Dave" ni Kris Montañez), mababatid na binigyang pokus ang pangunahing puwersa—ang magsasaka—bilang pagsasaalang-alang sa lunan ng mga akda, ang kanayunan. Nilalahad ng pagkumpas na ito ang isang

mahalagang taktika sa matagalang digmang bayan, ang pagbubuo ng rebolusyonaryong baseng masa, na mas pinatampok naman ng iba pang tula.

Matatarok na ang mga larawang ito ay sintomas ng kontradiksiyon sa uri: "ang awtoridad ng mga naghaharing uring may mala-piyudal na pangitain, laban sa komprador-burukratang saray na tutok sa pamantayang global at siyentipikong pamantayan" (San Juan, "Panitikan, Ideolohiya" 221). Sa ibang salita, nakaangkla ang materyal na katotohanan ng mga akda sa kalakaran ng tunggalian ng mga uri. Isang mahalagang tungkulin ng mga manunulat mula sa pambansa-demokratikong tradisyon ang lagyan ng nilalamang makauri ang bawat anyo ng panitikan kung saan nabibigyang diin ang papel ng manggagawa at magsasaka sa rebolusyonaryong kilusan (Sison, "Mga Tungkulin" 123). Ipinapahiwatig ng dalawang saknong ng tulang "Turning Point" ni Jason Montana na ang tunggaliang ito ang pumipitpit sa mga anakpawis sa pagsulong:

> While fatted landlords, compradores,
> And sycophant state bureaucrats
> Wait to grab more ancestral lands
> And to open the floodgates
> On the terraces of food grains,
> While mercenary troopers stand
> Ready to kill and rob and rape?
> [...]
> What did I go out to see?
> Helpless peasants of an old order. (162)

Nananatili ang mga magsasaka sa pinaglumaang moda ng produksiyon (piyudalismo) dahil sa burukrata kapitalismo (fatted landlords, compradores, / And sycophant state bureaucrats) at pasismo ng estado (mercenary troopers sand / Ready to kill). Namamayani ang imahen ng mga nananabang panginoong-maylupa at naghihinagpis na anakpawis sa mga tula dahil ito mismo ang karanasan ng mga kasamahan ng mga may-akda na mula sa uring magsasaka (MAINSTREAM 9). Ulit na tinutumbok ng mga akda ang sabay na panlulupig sa katauhan at kalikasan para sa ngalan ng kapital sa punto na mapagpapalit ang tropo ng masang api at ng kinakamkam na lupa sa larawan ng dahas na ipinipinta ng mga tula.

Nakasalansan ang tunggaliang ito sa isang diyalektikal na estruktura. Karaniwang sinusundan ang mga eksenang nabanggit ng pag-akyat ng api sa kabundukan at kagubatan upang lumaban sa ilalim ng pulang bandila ng proletaryado. Bukod sa paglalarawan sa kabalintunaan ng sistemang panlipunan sa bansa, isinisiwalat din ng mga tula na ang pang-aapi mismo ang nagtakda ng mga kondisyon para sa pag-akyat sa mga sonang gerilya. Ang pag-akyat ang pagtunaw ng kontradiksiyon o sintesis ng mga tunggalian ng uri sa kapatagan. Sinalaysay ni Antay Gabriel sa "Ang Pamana" ang pagdating ng BHB sa kanilang lupain sa tugatog ng kanilang paghihirap:

> Napakakaiba sa ibang taong may baril.
> May magiliw na pamimitagan, ating kinalinga ang mga lalaki't
> babaeng ito at nakita natin ang kanilang katatagan,
> ang kanilang kahinahuna't disiplina.
> Maraming bagong bagay ang ating natutuhan sa kanila:
> ang ugat ng ating paghihirap
> ang katusuha't kataksilan ng kaaway
> ang rebolusyonaryong digma— ang ating hinaharap! (132)

Isiniwalat ang engkuwentro ng Hukbo at ng masa bilang diyalektikong proseso ng pagbabagong-hubog ng parehong pangkat (Mao, *Talks* 80). Inilalarawan ng bawat taludtod ang unti-unting pag-unlad ng pagtingin ng mga kumain-dili sa mga pulang mandirigma, mula sa pagdududa tungo sa pagkilala na iisa lamang ang katunggali ng mga mandirigma at masang anakpawis. Sa ganitong diyalektikal na balangkas kinakawing ng mga makata ang nabanggit na taktika ng pagbuo ng baseng masa. Katangian ng mabisang estratehiya ang pagsisiyasat sa mga lugar na binubuksan para sa armadong pakikibaka, at kaakibat nito ang matiyagang pagpapaunlad ng mga abanteng elemento ng masa (Guillermo, "Introduksyon" *xlvii*).

Tinitiyak ng mga tulang ito ang pakikiisa ng iba't ibang hanay sa ilalim ng digma (Ganitsky 105). Kasama ng armadong pakikibaka at pagbabalik ng lupa sa mga magsasaka, ang taktika ng pakikitungo sa mga komunidad sa sonang gerilya ay nakakawing sa tereyn. Ika nga ni San Juan Jr.[b], sa paghanay sa mga batayang masa at ang pagsiwalat nito sa pamamagitan ng simpatetikong imahinasyon matitiyak ng manunulat ang akmang anyo ng akda upang maiging mapabatid ang lunggati ng pagbabagong panlipunan (94-5). Ipinapakita ng mga tulang ito na lubos na masisiwalat ang tunggalian ng uri at ang mga

kondisyon ng pagtungo sa mga sonang gerilya sa pamamagitan ng pagkatig ng katauhan sa lupa/tereyn o kalikasan. Pagpapaliwanag ni Tadiar, ang nakabigkis na pigura ng masa-at-lupa ay mayroong dalawang katangian kaugnay ng rebolusyonaryong aktibidad. Una, ito ay ang aktuwal (o topograpikal) na tereyn ng armadong pakikibaka. Ikalawa naman, ang pagpapalaya ng parehong masa at lupa mula sa imperyalismo, piyudalismo, at burokrata kapitalismo (273).

***Pagbabagong-hubog para/tungo sa Ekosistema.*** Batid kong ang pinakamahalagang pagkatuto sa ganitong diyalektikal na pag-iral sa mga tula ay ang pagbabago sa pakikitungo ng katauhan sa kalikasan. Natatarok ito ng mga tula sa *STR* sa dalawang pamamaraan: Una, sa pag-aaral ng mga pulang mandirigma sa tereyn sa antas ng praktika; at ikalawa, sa paglalarawan ng kilusan sa pamamagitan ng tereyn bilang teorya.

Nabanggit sa itaas ang pag-alam ng tereyn bilang pag-aangkop ng manunulat sa panlipunang/natural na kapaligiran upang ilantad ang pagkapareho ng katauhan at kalikasan. Sa parehong pamamaraan, natututo ang manunulat na tumalima sa agos ng buhay sa ekosistema sa ilalim ng natural na penomena. Sa parehong tula ibinahagi ni Antay Gabriel ang sa tingin niyang isang kontradiksiyong hindi dinaig ng dating kilusan bago ang muling pagtatag nito noong 1968.

> Binuwag nila ang nagtatayugang mga puno
> nagkaingin sa paligid ng bundok
> para sa minsan-isang-taong ginintuang pangarap
> nangaso't nangisda
> gamit ang kanilang lambat at sibat
> ngunit kailanma'y di sila naging
> malaya. (Magbanua, "Ang Pamana" 132)

Sa lahat ng maaaring punahin sa mga nakaraang kilusang makabayan sa bansa, ang binigyang-diin ni Antay Gabriel ay ang peligrosong pakikipag-ugnayan ng mga dating rebolusyonaryo sa kalikasan. Hindi maikakaila na sinisisi ni Antay Gabriel ang hindi makakalikasang gawi ng mga nakaraang kilusan na hindi natanto ang mala-piyudal na pagkamkam ng lupa at, sumakatwid, pamiminsala ng kalikasan sa kanayunan.

Pinapatunayan ng iba pang tula sa katipunang *STR* na maaaring matutuhan ang ganitong teorya ng ekolohiya sa momentong pag-akyat sa kabundukan bilang Hukbo. Sa mga tulang kinikilala ang diyalektikal na daloy ng buhay, inilalarawan ang natural na dinamiko at pabago-bago at hindi lamang isang tagpuan (*setting*). "Di malalabag ang batas ng kalikasan, / ng pag-unlad ng kasaysayan," ika nga ni Gacosta ("Ang Kabiguan" 67). Gayumpaman, ang batas na ito ay inaaral at hindi dinadaig. Ito ang primaryang tuon ng tulang "Pagkilala sa Gubat":

> Pag-aralan natin, kasama, ang batas ng kagubatan.
> Kilalanin din natin ang mga kaluskos
> May ingay na paparating, may papalayo
> Iba ang pagtalilis ng apat ang paa,
> Kakaiba rin ang yabag ng mga di-kilala.
> Kayat itong gubat ay ating galugarin pa. (105)

Pinangunahan na ni Friedrich Engels ang dayalektiks ng kalikasan (na binanggit ni Gacosta) sa kaniyang hinuha na ang pakikibaka laban sa mga di-taong elemento ng ekosistema ay nagwawakas sa pagkatalo ng katauhan: "Huwag nating bolahin ang ating mga sarili dahil sa mga tagumpay ng katauhan laban sa kalikasan. Dahil sa mga tagumpay na ito ay tiyak na maghihiganti sa atin ang kalikasan" (Engels 460-1). Sa halip na daigin ang kalikasan, pahiwatig ng tula na mainam na alamin ang bahagi natin dito. Nanggagaling ang pagpapakumbaba na ito sa materyal na kondisyon ng tereyn. Hindi tuwirang niroromantisa ng mga may-akda ang atrasadong moda ng produksiyon sa ilang, bundok, at kagubatan dahil itinakda nilang pag-aralan ito upang sumaliw sa natural na metabolismo ng ekosistema doon.

Sa kabilang palad, hindi rin naman ganap ang pagtunaw ng kontradiksiyon sa pagitan ng katauhan at kalikasan. Namamalagi ang kontradiksiyon at ang paglutas nito sa pag-iral ng lahat ng bagay (Mao, *On Practice* 72). Isinisiwalat ng ilang tula ang mga suliraning hinarap ng mga pulang mandirigma sa kanilang pag-akyat at pagbabalik-loob sa ekosistema. Kuwento ni Montañez sa tulang "Igang" (*limestones*) na

> Nakaumang ang igang
> [...]
> Mga patalim

Na sa talampakang kumapal sa hirap
Ay tuntungang humahantong
Sa layu-layong dampa
At pananim. (205)

Kumapal na ang mga paa ng Hukbo dahil sa pagbatas sa mapapanganib na purok ng bundok. Nilalarawan naman ng "Ang Kapalaluan ay Kaaway ng Tagumpay" ni Wilfredo Gacosta ang pabago-bagong kalagayan ng panahon at ilang: "Lumakas ang ihip ng hanging silangan, / tumango ang mga mala-gulok na damo / at mala-lambat na mga dahon ng niyog, [...] at muling umugong ang ilog" ("Ang Kapalaluan" 51). Pansin ang gulat at pag-aagam-agam sa ginagalawang kapaligiran sa tono ng persona.

Sa kabila ng mga daing na ito, iginigiit ng tulang "Pagkilala sa Gubat" na kaakibat ng pagbabalik-loob sa ekosistema ang mga suliraning pinagdadaanan ng mga bagong-akyat sa kabundukan.

Walang humpay ang mga kuliglig
Anim o animnapung sabay-sabay humuhuni
Kung iindahin mo, kasama, ang tunog na ito,
Maririndi ka lamang o sasaktan ng ulo.
Kaya't isipin at pakatandaan
Musika itong likas sa kagubatan. (105)

Sa isang diyalektikal na balangkas, inilarawan ni Lucia Makabayan ang biyak sa pagitan ng katauhan at kalikasan. Kung hahalaw tayo mula sa ekonomiyang pampolitika ni Marx, maaari itong tingnan bilang *alienation* ng kalikasan. Ayon sa ideolohiya ng kapital, tumatayong balakid ang mga limitasyong itinatakda ng kalikasan sa pag-iral ng kapital (Groh, Sieferle & Vintilla 559). Ang pananaw na ito ay nagsisilbing tabing sa regulasyon ng kapital sa kalikasan para sa kita at hindi para sumangguni sa pangangailangan ng tao bilang parte ng metabolismo ng kalikasan (Newman 13). Sinisira ng ganitong idea at bungang praktika ang sariling sistema ng produksiyon ng mga natural na ekosistema (11).

Ipinapahiwatig ng mga tula sa temang ito ang alienation ng katauhan sa kalikasan sa paglalarawan ng kahirapan ng mga personang unawain nang lubos ang tereyn. Ang nakaririnding ingay ng mga kuliglig ay kinikilalang musikang likas sa kagubatan, at sinasabi ng persona na maaari itong matutuhan at marinig sa pamamagitan ng internal na pagpapasiyang magpanibagong-hubog.

"Hindi masasagkaan ang ihip ng hangin / Ika'y pinananabikang dalawin, kaladkad ang dilim [...] Aaligid sa iyo at manunuot sa buto. / Kung hahalukipkip ka, sadya kang bibiruin" (Makabayan, "Pagkilala" 105). Sa ganitong paglalarawan ng natural na daloy ng kapaligiran, sinasatao ang kalikasan hindi para kumatawan sa mga lunggati ng tao kundi para mas maunawaan ng tao kung paano namumuhay ang di-taong aspekto ng kalikasan. Iminumungkahi din ng malambing na paglalarawan sa hangin ang pagpapaloob ng tao sa naturang daloy ng kapaligiran. Winawaksi ng ganitong mga tropo ang antagonismo sa pagitan ng katauhan at kalikasan dahil ang una ay bahagi rin ng huli. Malinaw itong pagyurak sa kapitalistikong paniniwala na ang kalikasan ay sangkap lamang ng produksiyon kasama ng kapital at lakas-paggawa (Woodgate & Redclift 17).

Sa dulo naman ng "Igang," ibinunyag ng persona na ang panganib ng mga bato ay kaakibat ng paghawan ng mga mandirigma ng landas tungo sa tagumpay: "Ang mga balong nabubuksan, / Lalong tumatalim ang igang / Sa masisiglang yapak, / Humahawan ng bagong landas" (Montañez 206). Pinagsasabay ng tula ang proseso ng pagtalim ng mga bato at ang pagsulong ng rebolusyon. Kung sabay ang pananamantala ng mga burgesya komprador at panginoong-maylupa sa katauhan at kalikasan, sabay din ang pag-abante ng dalawang api tungo sa kalayaan. Nagagawang patunayan ng mga tulang ito na hindi deterministiko kundi diyalektiko ang proseso ng pagbabalik-loob sa ekosistema. Laganap ang paniniwala ng Marxistang panunuring pampanitikan sa ika-20 na siglo na absoluto ang impluwensiya ng panlipunang kapaligiran ng manunulat sa akda niya sa punto na tila daluyan lamang ang tao ng materyal na kondisyon. Sa diwang Maoista, iginigiit ng binasang mga tula ang papel (at tungkulin) ng manunulat sa pagbabagong-hubog upang lubos na makilala at masiwalat ang danas sa tereyn ng sonang gerilya (Mao, *Talks* 19). Sa ganitong gana, binabago ng mga tula mula sa *STR* ang nakasanayang pagtingin sa kalikasan at sa ugnayan ng katauhan dito.

Tila nagiging mas akma ang tula bilang anyo ng pagsisiwalat ng ganitong pananaw dahil sa panghihikayat nitong gamitin ang simpatetiko at radikal na imahinasyon (Mzamane 39; sumangguni rin kay Jennings). Habang inilalarawan ang pagbabalik-loob sa pamamagitan ng praktika ng pag-aaral at pagkatuto, inilalarawan din ng ibang mga tula sa temang ito ang pagninilay-nilay tungkol kilusan mula sa lente ng kalikasan. Ito ay isang tangka na ikawing ang pakikibaka sa natural na tereyn ng sonang gerilya. Halimbawa, sa tulang

"Pitso Manok" ni Ruth Firmeza, sinasagisag ng tugatog ng bundok Pitso Manok ng Penablanca at Baggao, Cagayan, ang paglalakbay ng mga mandirigma sa kanilang mithiin. "Sa tuktok ng bundok, / Isandaang dahon; / Sa libis ng bundok, / Walong Pulang mandirigma" (Montañez, "Kalikasan" 199). Sa tulang "Kalikasan" naman, sinisimbolo ng galaw ng dahon ang pagkabuwal ng mga pulang mandirigma. Sa parehong palagay, ipinapahiwatig ng karamihan ng dahon ang karamihan ng mga pulang mandirigma sa kabundukan. Kung mapapansin, hindi lang tuwirang inilalarawan ang kabundukan at kagubatan bilang tagpuan sa mga tula. Mismong ang bundok at gubat—ang itinakdang "kalikasan" sa mga tula—ang kumakatawan sa rebolusyonaryong kilusan. Sa madaling salita, sa paglalarawan ng kalikasan masisiwalat ang karanasan ng mga pulang mandirigma.

Sa "Ulan" naman ni Emmanuel Lacaba, ginawang buod ng depensibong taktika ang ulan: "Ngunit tinatamad umakyat ang kaaway sa ating kanlungan kung / malakas ang ulan. / Tinitiis naman natin ang madulas na bato sa sapa; tulay na tiniban; / Putik lalo't paakyat" (Lacaba 89). Sa momento ng pag-akyat, nabibigyan ng triyalektikong ugnayan ang panahon (kalikasan), mga pulang mandirigma, at mga "kaaway" (ang kawal ng reaksiyonaryong gobyerno) sa porma ng paglutas (sa kaso ng mga mandirigma) at tunggalian (sa kaso ng mga kaaway). Hindi lamang tagpuan ang bundok at gubat dahil kabilang sila sa mga nagbabanggang puwersa (Hopkins 69). Patunay ang tula bilang *produkto* ng pag-aaral ng may-akda sa kaniyang kalikasan: "Ang panitikan at sining sa natural na anyo"—ang materyal na realidad mismo—"ay inaangat ng pagninilay-nilay ng manunulat tungo sa teoretikal na antas" (Mao, *Talks* 18). Kung ang pagkilos sa tereyn ay praktika, ang pagsulat ang teoryang bunga ng pakikihalubilo sa kapaligiran. Ang tila pagpanig ng mga elementong ekolohikal sa mga mandirigma ay lantarang iginigiit ng mga tula bilang pahayag sa ugnayan ng katauhan at kalikasan.

Tunay na mahalaga ang pag-alam sa ginagalawang kapaligiran sa pagkilos dahil ginagapi nito ang mga katakot-takot na pamahiin at ginagawang bentaha ang mga puwersa ng kalikasan o balakid sa mga kaaway (Guillermo, *Ang Panitikan* 104). Ipinapahiwatig ng malay na pakikilahok sa dayalektiks ng kalikasan ang pagtatarok ng kamalayang panlunan (*sense of place*) na binabasag ang indibidwal na ego upang baguhin ang ugnayan ng tao sa kapaligiran. Ang matalinghagang idyoma ng mga tula tungkol sa pag-akyat at pamumuhay sa kabundukan at kagubatan ang indikasyon ng kamalayang ito: "ang talinghaga

[*metaphor*] ay ang mithiing iugnay, at sa wakas ikawing, ang kamalayan ng tao sa mga nangyayari sa labas ng isip, dahil ang tanging tunay na galak na maaaring matamasa sa saglit na iyon ay ang pakiramdam na kahit bahagi lang tayo ng kinikilala natin [ang kalikasan] […] alam nating bahagi tayo nito (Evernden 101, akin ang salin). Namihasa na tayong maniwala sa ilalim ng epistemolohiyang kanluranin na kailangang alamin ang kalikasan at ang estruktura nito para sa bentaha ng ating sibilisasyon. Ang paninindigan ng ekolohikal na pag-iisip ay ang pag-alam ng kalikasan upang mas maging malinaw ang papel ng katauhan bilang bahagi nito.

Alinsunod sa batas ng materyalismong diyalektikal, hindi magiging lubos ang pagbabalik-loob ng tao sa kalikasan dahil hiwalay ang kaniyang kamalayan dito. Ngunit maaaring alamin ang bahagi ng katauhan sa daloy o dayalektiks ng kapaligiran. Para sa makata, porma at talinghaga ang paraan para makamtan ito. Sa ilang mga tulang naglalarawan ng mga delubyo, makikita na tanging sa talinghaga ng kalikasan lamang masisiwalat ang kapalaran ng mga kasamang nilipol sa kabundukan. Sa tulang "Pagkatapos ng Unos," nagsusumamo ang persona sa pamamagitan ng mga puwersang likas sa kaniyang kapaligiran: hangin, dahon, ipuipo't buhawi.

> Ka Romeo, Ka Grey, Ka Dennis
> kaylakas ng unos nang kayo ay nasawi
> sa lakas ng hangin waring mga dahong tinangay
> ng ipuipo't buhawi. (21)

Malinaw naman na inihahanlintulad ni Emin Peña sa "Bagyo" ang mga panganib na natural sa kalikasan sa mga panganib ng pakikibaka bilang entablado ng patuloy na pag-iral.

> Ngunit tulad ng magsasakang daana't iwanan ng bagyo,
> muli tayong titindig, Ka Jacky,
> susuriin kung saan tayo nagkamali. (220)

Ginagamit ng mga agunyas na ito ang kalikasan (sa paraan ng talinghaga sa tula) upang pagnilayan ang mga pagyao ng mga mandirigmang sina Romeo, Grey, Dennis, at Jacky. Mababatid ang parehong kompás sa mga tula ng dahas kung saan nagiging paraan ang kalikasan para umugnay sa mga pumanaw (Ganitsky 108). Sa tagpuan ng sonang gerilya ipinapahayag ng mga tula ang

sabay na pag-iral ng kamalayan sa pagkatao at sa kalikasan. Binibinbin sa mga rebolusyonaryong tula ang tanong ng *be/longing,* o ang pang-uusisa sa pagiging bahagi ng katauhan sa kalikasan at ang pagsusumamo na alamin ito (Garrard 465).

Batay sa ganitong pagsusuri, mababatid na pinapatampok ng mga tula nina Magbanua, Gacosta, Makabayan, Montañez, Firmeza, Peña, at iba pa ang pagbabalik-loob ng pulang mandirigma bilang bahagi ng ekosistema. Isinisiwalat ang ganitong pagbabagong-hubog na sa antas ng praktika, kung saan nagpupunyagi ang persona na alamin ang lugar niya sa ekosistema, at sa antas ng teorya, kung saan ginagambala ng persona ang pagkasalungat ng katauhan at kalikasan. Ang inaalok ng mga tulang ito ay hindi sagot kundi pag-uudyok sa higit pang pagdalumat sa ugnayan ng katauhan at kalikasan.

***Sabay na Pananamantala, Sabay na Paglaban.*** Ang ikatlong namumukadkad na tema ng mga tulang makakalikasan sa *STR* ay ang paglalang ng imahinasyon ng lipunang pantay-pantay na tumatalima sa metabolismo at natural ng daloy ng buhay sa kalikasan. Ipinapahiwatig ito ng ilang mga tula sa pamamagitan ng pagturing sa kalikasan bilang kasama (*comrade*) sa pakikibaka. Nililinang pa mas lalo ng ibang tula ang kamalayang ito sa pamamagitan ng pagtanaw sa isang kinabukasang eko-sosyalista. Sa dalawang tunguhing ito, napapatampok ng mga tula ang kahalagahan ng demokratikong rebolusyong bayan sa pagbasag sa mga kondisyong nagpapanatili ng paniniil ng katauhan at kalikasan.

Kung sabay ang pananamantala ng katauhan, sabay rin silang lalaban, tila nilalarawan ng mga tula sa pagturing sa kalikasan bilang kasama. "Kayat itong gubat ay ating galugarin pa / Kilanling parang isang tapat na kasama," payo ni Makabayan sa tulang "Pagkilala sa Gubat" (105). Kinikilala ng persona ang tereyn bilang kasama sapagkat kung aalamin ito ng mabuti, maaari itong makatulong sa taktika ng mandirigma sa kabundukan. Sa teorya ng digmang bayan, lunduyan ng armadong pakikibaka ang pag-alam sa kalikasan dahil ito mismo ang nagbibigay daan sa produktibong pagkilos (Guillermo, *Ang Panitikan* 105). Ipinahiwatig na ito ng mga tula tulad ng "Ang Pamana" at "Bakir." Dinidiin naman dito ang lunggati ng diyalektikal na ugnayang inilarawan kanina na baguhin ang lipunan sa ikabubuti ng katauhan at kalikasan.

Muling inihahalintulad ang kalikasan sa mga miyembro ng BHB sa tulang “Tag-araw” ni Magbanua subalit sa akdang ito, mas binibigyang-pansin ang pagiging sabjek ng kalikasan:

> Kalikasa’y kumikilos
> tulad ng mga makabayang sumusulong tungo sa kinabukasang
> sila ang lilikha...(125)

Tila ang natural na daloy ng kalikasan ay may lunggati at pinaglalaban. Iginigiit ng mga linya na may kakayahan ang ekosistemang lumikha, isang pahiwatig na iwinawaksi ang herarkiya ng katauhan at kalikasan. Tulad ng nabanggit kanina, hindi naglalayon ang mga tula na ganap na wasakin ang dibisyon ng katauhan at kalikasan. Sa halip, humahabi ito ng mga posibilidad kung saan maaaring ilapat ang ating pamumuhay (at pakikibaka) sa diyalektikal na daloy ng nagbabago-bagong patakaran ng ekosistema (Cook 155, Gifford 28). Tila ng pagbabagong-hubog na nagbubunga ng ganitong imahinasyon ay bukod-tangi sa konteksto ng pag-akyat ng bundok tungo sa sonang gerilya.

Sa tulang “Sagada,” kung saan ko hinalaw ang pamagat ng sanaysay na ito, malinaw na itinatakda ni Makabayan ang kamalayang panlunan na umiiral sa momentong pag-akyat: “Kasama, bundok, puno, bato / Tila pinakikinggan ang paghinga ng bawat isa” (Makabayan, “Sagada” 112). Sinasalamin ng mga taludtod na ito ang hangarin ng mga tula sa *STR* na lansagin ang maigting na bakod sa gitna ng katauhan at kalikasan. Ngunit, sa paglilinaw nga ni Terry Gifford, malay ang kritikal na tulang makakalikasan sa mga suliraning lumilitaw sa hangaring ito, (26) kaya’t hindi kinukubli ng mga akda ang iba’t ibang kahirapang hinaharap ng mga makata sa kabundukan tulad ng mga nabanggit kanina. Sa ibang salita, ginigiit ng mga tulang ito na diyalektikal ang ugnayan ng katauhan at kalikasan, at ito mismo ang patunay ng pagiging bahagi ng tao sa ekosistema. Hinahamon ng ganitong kamalayan ang burges na pag-iisip na ang katauhan ay katumbas ng sabjek at ang kalikasan ay objek. Ipinapahiwatig ng mga tula na ang pag-akyat ay ang pagbabagong-hubog tungo sa ganitong porma ng pakikibahagi sa ekosistema. Sa ganitong pagtatangi, masasabing nag-aambag ang mga tula sa layuning baguhin at palawakin ang realismo ng panitikang pambansa-demokratiko (Guillermo, *Protest/Revolutionary Art* 118)

Ang basta-bastang pagsalpak ng "eko-" sa isang teorya ng materyalismong historiko ay maaaring magbunga ng tagpi-tagpi at mala-Malthusian na praktika laban sa krisis ng kalikasan.[3] Maraming mga maka-kalikasang kilusan sa daigdig ang umaayon sa idealistiko (idyllic) at duwalistikong epistemolohiya (sabjek laban sa objek) ng ekolohiya (Foster & Burkett 4-5). Madaling sabihin na ang pagkontrol ng populasyon ang sagot sa krisis ng ating panahon, ngunit papalaliminin lamang nito ang antagonismo ng katauhan at kalikasan. Halaw sa materyalismong historiko, kung ang lumalalang krisis sa ilalim ng imperyalismo at ng neoliberal na takbo ng pag-unlad ay dahil sa hidwaan ng katauhan at kalikasan na mismong pundasyon ng kapitalistikong produksiyon at akumulasyon, (6) nararapat na asintahin ng akmang praktika ang moda ng produksiyon. Isinisiwalat ng mga tula ng katipunang *STR*—bilang halimbawa ng malawak na tradisyon ng panitikang pambansa-demokratiko—ang bisyon hindi lamang para sa isang sosyalistang lipunan na kapalit ng pinaglumaang moda ng produksiyon kundi para din sa panunumbalik ng kamalayang panlunan na pagtitibayin ang ugnayan ng katauhan at kalikasan at sasalungat sa naturang alienation. Alinsunod sa materyalismong diyalektikal, hindi basta-basta hinuhulaan o itinatakda ng mga akda ang panahon at mga kondisyon ng tagumpay ng kanilang kilusan, subalit malinaw na tinatalima ng bisyong niyayari ng mga may-akda mula sa sonang gerilya ang tunguhing pangkalikasan.

Sa mga tulang "Pitso Manok" ni Firmeza at "Bundok Bulosan, Ipaliwanag Mo ang Iyong Kahiwagaan" ni Gacosta, pinipinta ang tugatog ng mga bundok bilang mga pook kung saan masasaksihan ang tagumpay ng radikal na kilusan: Pagaspas ng hangin, pumupuno sa dibdib / abot-tanaw ang paglawak ng bagong daigdig (Firmeza, "Pitso Manok" 17). Pinapangako ng pag-akyat na maging saksi sa pagbaba tungo sa tagumpay.

> a, ibinukas mo ang iyong mga bisig
> sa pagtanggap sa liwanag ng araw sa silangan
> upang bigyan ng pag-asa
>
> ang mga manghihimagsik na naguguluhan. (Gacosta, "Bundok Bulosan" 59-60)

Muling ginamit ang tropo ng tugatog ng bundok sa "Bundok Bulosan, Ipaliwanag Mo ang Iyong Kahiwagaan." Tulad ng mga tulang sinuri kanina,

kinikilala ng tula ang natural na daloy ng kalikasan na sa mga pulang mandirigma ay maaaring gunitain bilang biyaya. Ipinapahiwatig ng mga halimbawang ito ang pag-asang bumaba sa bagong lipunan na maabot lamang sa pag-akyat o pakikibaka.

Mahalagang bigyang-diin ang pag-asa hindi lang para pasiglahin ang mga miyembro ng kilusan kundi para din sa sinumang mamamayan ang magbasa ng mga tula. Ang panitikang sumasandig sa lunggati ng sambayanan "ay nililikha, kasabay ng pagsisikap na isulong ang kapakanan at kalayaan ng nakararami na sa loob ng mahabang panahon ay supil" (Torres-Yu 417). Ginagampanan ng mga tulang naghuhudyat ng muling pagbalik ang hangarin ng panitikang pambansa-demokratiko na himukin ang mga mambabasa. Dagdag ng tulang "Kaingin" ni Jason Montana na bitbit sa pagbalik ang makabagong kamalayang maaaring magbigay-direksiyon sa akmang praktika laban sa krisis ng ating panahon.[4]

> At ang panginorin ay ang kahusayan
> Ng mga magsasaka sa pagkakaingin
> At mga abung na urnaangkin ng kapuri-puring
> Mga pinitak, komunal na patubig,
> At mayabong na mga gubat na nakabaytang-baytang. (170-1)

Isinisiwalat sa tula ang panganorin ng pagbalik na magtayo ng lipunang komunal para sa lahat ng sumasailalim dito tulad ng mga "gubat na nakabaytang-baytang." Nilalayon ng mala-mitong bisyon na ito na humikayat ng pag-asa mula sa mambabasa (Ganitsky 110; Mzamane 39). Kinakatawan ng pag-iping ng komunal na pamumuhay ng tao at ng masiglang pagyabong ng kagubatan ang eko-Marxistang bisyong nakalakip sa imahinasyon ng tula at ng iba pang akda sa katipunan.

## Tulad ng Gubat, ang Teorya ay Lumalago

Kailangang harapin ng mga kilusang nakikibaka para sa sosyalismo ang hamon ng pandaigdigang pinsala sa ekosistema kung ibig nilang mabigyan ang lahat ng kakayahang makibahagi sa materyal na kondisyon ng buhay—pagkain, tirahan, damit (Williams 187-244). Maraming naging pagkakamali ang mga kilusan at tangkang sosyalistiko noong ika-20 na siglo sa pagtalima sa anti-kalikasang diwa ng *cold war*. Ngunit ang teorya, tulad ng

gubat, ay lumalago at nagbabago. Sa harap ng lumalalang krisis ng kalikasan sa ilalim ng tumitinding pandaigdigang produksiyon at akumulasyon sa imperyalismo, kapaki-pakinabang ang pagbalik at pagbasa ng mga tulang maaaring mag-alok ng mga kuro-kuro tungkol sa praktikang akma laban sa komplikadong triyalektiko ng kapital, kalikasan, at populasyon. Ipinapahiwatig ng talinghaga, balangkas, at tema ng mga akda ang pangangailangan para sa isang kamalayang nakaangkla sa lunang ginagalawan ng sabjek. Tulad ng inilarawan sa ilang mga tula, upang makamit ang kamalayang ito, nararapat na kuwestiyunin ang dominanteng pagtingin sa ugnayan ng katauhan at kalikasan.

Sa kabila ng mga kampanya ng PKP-BHB-PDPP mula noon hanggang ngayon, hindi malaya ang ideolohiyang Marxismo-Leninismo-Maoismo—na pangunahing gabay ng Partido sa aspektong ideolohikal—sa batikos, partikular na sa usapin ng kalikasan. Tinala ng historyador at aktibista na si Ramachandra Guha sa kaniyang komprehensibong *Environmentalism: A Global History* at iba pang sulatin ang kasalanan ng mga nagdaang rehimeng sosyalista laban sa kapaligiran. Aniya, "ang ideolohiya ng *state socialism* ay salungat sa *environmentalism* sa maraming batayan, tulad ng pagsamba nito sa teknolohiya" (Guha 134). Nagbunsod ng malakihang pagtotroso at pagmimina at paspasang agri-produksiyon ang Five-Year Plan of 1929-1934 ng dating Unyon ng mga Republikang Sosyalistang Soviet. Ilan sa mga epekto nito ang pagkasira ng ilang *conservation areas* sa bansa (129). Katwa rin ang pilitang pagtayo ng dambuhalang dam sa proyektong Three Gorges ng dating Partido Komunista ng Tsina. Binatikos ito bilang isang simbolo ng sentralisado, maka-kapital, at anti-kalikasang anyo ng kaunlaran na hindi naiiba sa bisyon ng kapitalismo (132). Upang magtaguyod ng isang "matibay, sosyalista, at malayang Tsina," masyadong umasa ang PKT sa pagpapalawak ng mga mabigat at kemikal na industriya na nagdulot ng polusyon ng hangin at tubig (Sanders 1203). Malinaw na ang tunguhing pangkalikasan ng dalawang halimbawa ay sumasandig sa mapagkompetensiyang anyo ng kaunlaran na kumakatawan din sa mga kapitalistang bansa tulad ng Estados Unidos at iba pang kalahok ng karera tungo sa industriyalisasyon sa ilalim ng *Cold War.*

Tunay na kapuna-puna at taliwas sa buod ng sosyalistang kaisipan ang pagkiling ng mga nagdaang rehimeng sosyalista laban sa ekolohiya ng daigdig sa ngalan ng kaunlaran. Palagay ni Karl Marx sa ikatlong tomo ng *Capital*,

> Mula sa kinatatayuan ng mas mataas na sosyo-ekonomikong pormasyon, ang pribadong pagmamay-ari ng ilang tao sa daigdig ay kabalintunaang di naiiba sa pagmamay-ari ng tao sa isa pang tao. Ang isang buong lipunan, bayan, o ang lahat ng bayan umiiral ay hindi panginoon ng daigdig. Sila ay mga tagapakinabang lamang, at tungkulin nilang ipabuti at ipamana ito sa sususnod pang mga henerasyon, bilang *boni patres familias* [mga mabuting pinuno ng sambahayan]. (20)

Sa kabila ng piyudalistikong wika ("tagapakinabang," "patres") ni Marx, malinaw ang kaniyang habilin na hindi maaaring sarilihin ng iilan ang daigdig, bagkus ang katauhan ay mga katiwala lang ng kalikasan. Habang iginigiit ni Marx ang kahalagahan ng pambansang industriyalisasyon tungo sa kasarinlan ng bayan, kinokondena niya ang walang habas na pamiminsala sa kalikasan na pumapaloob sa kapitalistikong pagtingin sa lahat ng objek ng kamalayaan ng tao (ang sabjek) bilang sangkap sa produksiyon tungo sa pagkakamal ng kita (Woodgate & Redclift 16). Hinihikayat ng alternatibong sosyaslistiko na boni patres familias ang pangangalaga sa kalikasan upang siguraduhin ang pag-unlad nito para lahat. Kinikilala ang kalikasan hindi lang bilang batis ng mga hilaw na materyales kundi bahagi at kapantay ng katauhan sa diyalektikong proseso ng pandaigdigang pagbabago.

Maaaring humalaw ng mga abanteng praktika at pagsasateorya tungo sa makakalikasang pagbabagong-hubog mula sa mga akda ng *STR.* Mapapangkat ang mga ito sa iilang tema. Una, ang pag-angkop ng pulang mandirigma sa materyal na kondisyon ng tereyn; ikalawa, ang pagpupunyaging ihanay ang katauhan at kalikasan sa iisang dayalektikal na balangkas, o ang mismong natural na daloy ng buhay; at ikatlo, ang pagyari sa isang bisyon ng sosyalismo na tumatalima sa pagbabalik-loob ng katauhan sa ekosistema. Para sa mga may-akda, ang pag-akyat ang nagbabagong-hubog sa kamalayang ito at ang nagbibigay ng bisyon para sa hinaharap ng ekosistema. Pinapanawagan nila ang halaga ng danas sa/ng kapaligiran (na ipinapakahulugan bilang sonang gerilya) bilang alternatibo sa nananaig na paniniwalang ang kapaligiran ay isang komoditi na dapat simutin (Evernden 102). Ito mismo ang kamalayang eko-Marxista na kumakatawan sa pangkalikasang balakin ng kilusang pambansa-demokratiko.

Kung aalalahanin natin ang pamana ni Antay Gabriel, mababatid nating ginagabayan ng paalala ni Marx ang layunin ng mga tula sa *STR*. Sa ganitong palagay, hindi mga pantasya ang isinisiwalat ng mga tula. Lumilikha sila ng mundo kung saan ang bundok, puno, at bato ay tinatratong mga kasama, mga katambal sa pakikibaka. Ang didaktikong motibasyon ng mga tulang ito na inilalarawan sa dayalektiks sa antas ng praktika at teorya ang tugon ng rebolusyonaryong kilusan sa krisis ng panahong ito.

## Mga Tala

[1] Ang "imperyalismo"—ang pinakamataas na yugto ng kapitalismo—ay tumutukoy sa pagtindi ng pampolitikal, pang-ekonomiya, at pangkulturang kapangyarihan ng isang dominanteng bansa (tulad ng U.S.) sa ibang bansa. Ang "piyudalismo" naman ay tumutukoy sa pagkontrol ng uring panginoong maylupa sa kanayunan. Ang sistemang "burukrata kapitalismo" ay ang pagpapatakbo sa gobyerno nang parang negosyo at para sa pagpapayaman ng mga nakaupo sa kapangyarihan na karamihang binubuo ng mga panginoong maylupa at mga lokal na komprador (Guerrero 174-155).

[2] Isa lamang ang tabas na ito sa mga katangian ng rebolusyonaryong panitikan ayon kay Gelacio Guillermo. Aniya, ang limang batayang katangian ng panitikang nagsisilbi para sa demokratikong rebolusyong bayan ay ang sumusunod: (1) "Ipinalalaganap ng mga sulatin ang linya, programa, tungkulin, at patakaran ng rebolusyonaryong kilusan na may praktikal na kabuluhan sa pag-agaw ng kapangyarihang politikal sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan;" (2) "Inilalarawan ang mga pag-unlad sa iba't ibang larangan ng gawain, at mga pagbabago sa pang-araw-araw na buhay ng mga rebolusyonaryong puwersa at masang anakpawis;" (3) "Itinatanghal ang mga bagong pagpapahalaga na esensiyal sa pag-iisip at pagkilos ng mga rebolusyonaryo;" (4) "Binubuo ang mga karanasan ng rehiyon, grupo o indibidwal bilang bahagi ng kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan;" at (5) "Ipinapahayag ang personal na damdamin ng mga rebolusyonaryo tungkol sa kanilang sarili, mga mahal sa buhay, karanasan at hinaharap sa pakikibaka" (Guillermo, "Introduksyon" *xxiv*). Habang tinatalima ng mga tula sa *STR* ang lahat ng ito, pinipiling pokus ng saliksik ang mga tulang binibigyang-diin ang relasyon ng mandirigma sa mga eksternal na kondisyon ng kaniyang pakikibaka.

[3] Sa teorya ng Marxismo, ang materyalismong historiko ay tumutukoy sa paniniwalang ang tunay na mapagpasiya sa lahat ng pagbabagong panlipunan at rebolusyong pampulitika ay matatagpuan sa pagbabago ng mga moda ng produksiyon at palitan, at hindi sa utak o kamalayan ng mga tao. Pinupuna ng ilang mga ekolohista at pilosopo ang nangingibabaw na kilusang pangkalikasan para sa pagkabit nito ng "eko-" sa kung ano-anong aktibidad at kagamitan ng tao upang sugpuin ang labis-labis na produksiyon ng komoditi at pagkonsumo ng mga likas na yaman. Bulag ang ganitong paniniwala sa materyal na batayan ng labis-labis na produksiyon na kumikitil sa marami pang mga ekosistema. Sa halip, sinisisi nito ang krisis ng ating panahon sa istilo ng pamumuhay ng mga kadalasa'y mahihirap na komunidad.

[4] Hindi ibig ipabatid ng pag-aaral na ito na sosyalismo o kung ano pa mang moda ng produksiyon ang magiging ganap na solusyon sa krisis ng kalikasan. Kahit naman sa mga dating sosyalistang bansa, nanaig pa rin ang labis-labis na pagkonsumo ng mga likas na yaman (kadalasan ay sa ngalan ng kapital at kita). Para kina Foster at Burkett, maaaring ibaling ang mga kabiguang ito sa mga espesipikong materyal na limitasyon sa mga rebolusyong sosyalista noong ika-20 na siglo (13).

## Mga Saggunian

<u>Pangunahing Batis</u>


Firmeza, Ruth. "Pagkatapos ng Unos." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 21.*

Firmeza, Ruth. "Pitso Manok," *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 17.

Gacosta, Wilfredo. "Ang Kapalaluan ay Kaaway ng Tagumpay." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 51.

Gacosta, Wilfredo. "Ang Kabiguan ay may Pangakong Tagumpay." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 67-8.

Gacosta, Wilfredo. "Bundok Bulosan, Ipaliwanag Mo ang Iyong Kahiwagaan." *STR: Mga Tula*

*ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 59-60.

Lacaba, Emmanuel. "Ulan." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng *MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 89.*

Makabayan, Lucia. "Pagkilala sa Gubat." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, *pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 105.*

Makabayan, Lucia. "Sagada." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan *ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 112.*

Magbanua, Servando. "Ang Pamana." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, *pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 131-4.*

Magbanua, Servando. "Tag-araw." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 125.

Montana, Jason. "Kaingin" *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng *MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 170-1.*

Montana, Jason. "Turning Point" *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 162-4.

Montañez, Kris. "Bakir." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng *MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 193-4.*

Montañez, Kris. "Igang." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng *MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, pp. 205-6.*

Montañez, Kris. "Kalikasan." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan *ng MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 199.*

Peña, Emin. "Bagyo." *STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas*, pinamatnugutan ng *MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education, LINANG, 1989, p. 220.*

Sekundaryang Batis

Camba, Alvin. “From colonialism to neoliberalism: Critical reflections on Philippine mining in
the ‘long twentieth century.’”*The Extractive Industries Society*, 2015. http://dx.doi.org/10.1016/j.exis.2015.02.006.

Center for Environmental Concerns – Philippines (CEC). *State of the Philippine Environment:*
*Business-as-Usual Plunder Under a New Administration,* Southern Voices Printing Press, *2018.*

Cook, Deborah. *Adorno on Nature*. Durham: Acumen, 2011.

Concepcion, Mary Grace. “Autobiography as revolutionary praxis: Memorializing and memoir-making in Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway: Talambuhay ni Tatang and Ka Bel: Mga Liham.” Philippine Humanities Review, tomo 19, blg. 1, 2017, pp. 2-16.

Daroy, Petrolino. “From Literature to Revolution.” *Nationalist Literature: A*
*Centennial Forum,* pinamatnugutan ni E.A. Ordoñez, University of the Philippines Press, 1995, pp. 233-240.

de Guia, Patnubay. “Gina Lopez: Dakilang Kaibigan at Tagapagtanggol ng mga Mamamayan at
Kalikasan.” National Democratic Front - Southern Tagalog, 22 Agosto 2019.

de la Guerra, Eliza. “NPA-Quezon, Supports the People’s Opposition to Kaliwa Dam Project,
Vows to Launch More Tactical Offensives.” New People’s Army - Quezon, 10 Hunyo 2019.

Engels, Friedrich. *The Dialectics of Nature.* Sinalin ni Celems Dutt, *Karl Marx, Friedrich Engels: Collected Works, pinamatnugutan nina Nadezhda Rudenko at Yelena Vorotnikova, International Publishers, 1987, pp. 312-588.*

Evernden, Neil. “Beyond Ecology: Self, Place, and the Pathetic Fallacy.” *The Ecocriticism*
*Reader: Landmarks in Literary Ecology*, pinamatnugutan nina Cheryll Glotfelty at Harold Fromm, University of Georgia Press, 1996, pp. 92-104.

Foster, John Bellamy. “Marxism and Ecology: Common Fronts of a Great Transition.” *Great*
*Transition Initiative*, 2015. http://www.greattransition.org/publication/marxism-and-ecology.

Foster, John Bellamy. *Marx’s Ecology: Materialism and Nature.* Monthly Review Press, 2000.

Foster, John Bellamy & Paul Burkett. *Marx and the Earth: An Anti-Critique.* Brill, 2016.

Ganitsky, Tania. "Violence, Nature, and Memory in Contemporary Colombian Poetry." *Diálogo,* tomo 22, blg. 2, 2019, pp. 105-120.

Garcellano, Edel. *Knifes Edge: Selected Essays*. Quezon City, University of the Philippines Press. 2001.

Garrard, Greg. "Radical Pastoral?" *Studies in Romanticism*, tomo 35, blg. 3, 1996, pp. 449-465.

Gasic, Madaay. "NPA stops destructive hydroelectric powerplant in Oriental Mindoro." New

People's Army - Mindoro, 26 Pebrero 2019.

Gifford, Terry. "Pastoral, Anti-Pastoral, and Post-Pastoral." *The Cambridge Companion to*

*Literature and the Environment*, pinamatnugutan ni L. Westling, Cambridge University Press, 2014, pp. 17–30.

Glotfelty, Cheryll at Harold Fromm, pat. *The Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology. Athens: University of Georgia Press, 1996.*

Groh, Dieter, Rolf-Peter Sieferle, at Peter Vintilla. "Experience of Nature in Bourgeois Society and Economic Theory: Outlines of an Interdisciplinary Research Project." *Social Research*, tomo 47, blg. 3, 1980, pp. 557-581.

Guerrero, Amado. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, ikaapat na edisyon. 1986.

Guha, Ramachandra. *Environmentalism: A Global History.* Oxford University Press, 2000.

Guillermo, Alice. *Protest/Revolutionary Art in the Philippines: 1970-1990*. Lungsod ng Quezon, *University of the Philippines Press, 2001.*

Guillermo, Gelacio. *Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya.* Maynila, Kalikasan Press, *1990.*

Guillermo, Gelacio. "Introduksyon." *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas, pinamatnugutan ni Laura L. Samson. University of the Philippines Press, 1998, pp. 14-59.*

Hernando, Pauline Mari. *Lorena, Isang Talambuhay.* University of the Philippines Press, 2018.

Hopkins, Chris. "Modernising Pastorals? 'The Olive Field' and Thirties Leftist Pastoral." *Critical Survey*, tomo 10, blg. 3, 1998, pp. 62-72.

Jalandoni, Luis. "The Revolutionary Struggle of the Filipino People." National Democratic Front of the Philippines, 7 Pebrero 2016.

Jennings, Regina. "Poetry of the Black Panther Party: Metaphors of Militancy. *Journal of Black Studies,* tomo 29, blg. 1, 1998, pp. 106-129.
Liwanag, Armando. "Brief Review of the History of the Communist Party of the Philippines on the Occasion of the 20th Anniversary of its Reestablishment." Communist Party of the Philippines, 26 Disyembre 1988.
Love, Glen A. "Revaluing Nature: Towards an Ecological Criticism." *Western American Literature*, tomo 25, blg. 3, 1990, pp. 201-15.
Lumbera, Bienvenido. "The Nationalist Literary Tradition." *Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*, pinamatnugutan ni Rosario Torres-Yu, University of the Philippines Press, 2006, pp. 403-415.
Lumbera, Bienvenido. "UP at PAKSA."*Serve the People: Ang Kasaysayan ng Radikal na Kilusan sa Unibersidad ng Pilipinas, pinamatnugutan nina Bienvenido Lumbera, Judy Taguiwalo, Roland Tolentino, Ramon Guillermo, at Arnold Alamon, IBON Foundation, Inc., 2008, pp. 81-3.*
MAINSTREAM: People's Art, Literature and Education Resource Center. *STR: Mga Tula ng* Digmang Bayan sa Pilipinas, LINANG, 1989.
Mao, Zedong. *On Practice and Contradiction.* Verso, 2007.
Mao, Zedong. *Talks at the Yan'an Conference on Literature and Art* (1943), sinalin ni Bonnie *McDougall. Ann Arbor: The University of Michigan Press, 1980.*
Marx, Karl. *Capital*, tomo 3, Penguin, 1981.
Marx, Karl & Friedrich Engels. *Marx & Engels Collected Works Vol 11: Marx and Engels:1851-1853, Lawrence & Wishart, 1979.*
Medovoi, Leerom. "The Biopolitical Unconscious: Toward and Eco-Marxist Literary Theory." *Mediations*, tomo 24, blg. 2, 2010, pp. 122-139. www.mediationsjournal.org/the-biopolitical-unconscious.
Mzamane, Mbulelo. "The People's Mood: The Voice of a Guerilla Poet." *Review of African Political Economy*, tomo 18, espesyal na isyu patungkol sa Zimbabwe, 1980, pp. 29-42.
Newman, Lance. "Marxism and Ecocriticism." *Interdisciplinary Studies in Literature and Environment, tomo 9, blg. 2, 2002, pp. 1-25.On the Issue of the Environment in the World and in the Philippines* (March 31, 1995). *Communist Party of the Philippines (CPP), 4 Disyembre 2004.*
Ordoñez, E.A., pat. *Nationalist Literature: A Centennial Forum.* University of the Philippines *Press, 1996.*
Ordoñez, Rogelio. "Literatura ng Uring Anakpawis." *Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*, pinamatnugutan ni Rosario Torres-Yu, University of the Philippines Press, 2006, pp. 435-445.

Padilla, Jaime. "Hinggil sa paghugas-kamay ng rehimeng US-Duterte sa mapaminsalang kumpanya ng quarry sa Rizal." New People's Army - Southern Tagalog, 15 Agosto 2018.

Pamintuan-Riva, Ma. Paula. *Red letters : the development of literary theory and practice by the Communist Party of the Philippines. Manuskritong di-limbag, University of the Baguio.*

Robbins, Paul. *Political Ecology: A Critical Introduction*, ikalawang edisyon. Malden, MA, *Blackwell, 2012.*

Quindoza-Santiago, Lilia. "Pilipino Poetry of Protest in the Seventies." *Nationalist Literature: A Centennial Forum,* pinamatnugutan ni E.A. Ordoñez, University of the Philippines Press, 1995, pp. 251-308.

Rueckert, William. "Literature and Ecology: An Experiment in Ecocriticism." *Iowa Review,* tomo 9, blg. 1, 1978, pp. 71-86.

San Juan, Epifanio., Jr. "From Jose Garcia Villa to Amado V. Hernandez: Sketch of a Historical Poetics. Proletarian Literature: A Definition." *Nationalist Literature: A Centennial Forum,* pinamatnugutan ni E.A. Ordoñez, University of the Philippines Press, 1995 pp. 182-203.

San Juan, Epifanio, Jr. *Only by Struggle: Reflections on Philippine Culture, Politics and Society.* Quezon City: Giraffe Books, 2002.

San Juan, Epifanio Jr. "Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang *Desaparasidos* ni Lualhati Bautista." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, tomo 21, blg. 2, 2015, pp. 218-227.

Sanders, Richard. "The Political Economy of Chinese Environmental Protection: Lesosns of the Mao and Deng Years." *Third World Quarterly*, tomo 20, blg. 6, 1999, pp. 1201-1214.

Sommerville, Melanie, Jamey Essex & Philippe Le Billion. "The 'Global Food Crisis' and the Geopolitics of Food Security." *Geopolitics*, tomo 19, blg. 2, 2014, pp. 239-265.

Sison, Jose Maria. "Mga Tungkulin ng Kadre sa Larangan ng Kultura." *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan: Mga Dokumento ng 1971 ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) at Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto (NPAA)*, Maynila, Kalikasan Press, 1992.

Sison, Jose Maria. *The Struggle for National Democracy*, ikatlong edisyon. Lungsod ng *Quezon, Lagda Publishing, 1995.*

Sullivan, Heather. "The Dark Pastoral: Goethe and Atwood." *Green Letters: Studies in Ecocriticism*, tomo 20, blg. 1, 2016, pp. 47-59.

Tadiar, Neferti X. M. *Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization. University of the Philippines Press, 2009.*

Torres-Yu, Rosario. "Ang Panitikan at ang Engkwentro ng Katwiran at Lakas sa Panahong Batas ang Kamay na Bakal." *Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*, pinamatnugutan ni Rosario Torres-Yu, University of the Philippines Press, 2006, pp. 416-434.

Villegas, Juan Esteban. "La crítica frente a la relación entre poesía y violencia en Colombia ¿Espacio de memoria u olvido?," Poéticas: Revista de estudios literarios, tomo 2, 2016, pp. 113–127.

Wallace, Jennifer. "Swampy's Smart Set." *Times Higher Education Supplement,* 4 Hulyo 1997: 4. Williams, Raymond. *Writing in Society.* London: Verso, 1983.

Woodgate, Graham at Michael Redclift. "From a 'Sociology of Nature' to Environmental

Sociology: Beyond Social Construction." *Environmental Values*, tomo 7, 1998, pp. 3-24.

—

Si **Jose Monfred C. Sy** ay katuwang na propesor ng araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Siya ay tumanggap ng Master sa Arte (Araling Pilipino) at Bachelor of Arts (Comparative Literature), summa cum laude, mula sa parehong pamantasan. Isa siya sa mga editor ng *Suring Supling: Kalipunan ng Rebyu ng mga Akdang Pambata sa Pilipinas* (UP Sentro ng Wikang Filipino, 2022), *Alternative Practices across Southeast Asia* (UP Center for Integrative and Development Studies, 2020, 2023), *Mula Palengke Patungong Paaralan: Critical, Nationalist, and Democratic Pedagogy in the Philippines* (IBON Foundation, 2024) at *Reimagining Development in Southeast Asia: Alternative Practices from the Grassroots and Social Movements* (Springer, 2025). Nailathala ang ilan sa kaniyang pag-aaral sa mga journal tulad ng *Kritika Kultura, Humanities Diliman, Social Science Diliman, Daluyan, Suvannabhumi, AlterNative*, and *Philippine Studies*. Siya rin ay nagsusulat at nagsasalin ng mga aklat pambata. Kasapi siya ng Congress of Teachers/ Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) at Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines.